

AT HINDI ITO NALALAMAN



Salamat, Kapatid na Neville. Pagpalain ka ng Panginoon. May nasagi akong bagay, hindi ba? Nais kong pasalamatang ang Panginoon, nang lubos, sa paggawa para sa anak na lalaki ni Kapatid na Capps. Sadyang nagkataon namang ito lamang ang kaunting panahon na nakabalik ako sa Indiana. Alam kong hindi nila ito inirerekord; sa palagay ko'y hindi. At kung kaya nga wala akong nakikitang sinuman doon sa loob, kaya sila . . . Bumalik ako upang mangaso ng squirrel. At kaya sa palagay ko kailangan akong pagpasensyahan ni Charlie, siya at si Nellie, at ng iba pa doon sa Kentucky, ngayon sa loob ng isang araw o dalawa, upang mangaso ng squirrel. Kaya, mas pipiliin kong mapalampas ang anuman, anumang ibang uri ng libangan, pagkatapos ay pumunta rito sa . . . mga kalagitnaan ng Agosto, at pumuntang mangaso ng squirrel kasama sina Charlie at Banks, at lahat sila. Ito'y medyo nakagawian ko nang bagay. At kaya nga isinama ko si Joe . . .

² Noong nandito kami nang minsan, nagkasakit ang lahat, sa pagbabagong iyon mula roon sa talagang mainit na klima patungo dito—patungo dito sa malamig na klima ninyo rito. Alam kong sa tingin n'yo di naman ito malamig, pero pumunta kayo minsan doon sa Arizona. Noo'y isandaan at siyam sa may silungan nang umalis ako noong isang umaga; at tapos mga bandang hatinggabi, sa gabi, kapag bumababa na 'yung malamig na simoy ng hangin mula sa mga kabundukan, siyamnapu't anim pa rin. Uh-huh. Kita n'yo, sa hatinggabi 'yan, kapag bumababa ang malamig na simoy ng hangin. At kaya ito'y . . . Ayos lang 'yung lugar na iyon pagka taglamig, pero para 'yon sa mga alakdan at mga bayawak tuwing tag-init, hindi sa mga tao. Maging lahat nga ng mga hayop ay lumilipat doon sa mga kabundukan. Sadyang di nila 'yun makayanan.

³ At matagal na akong nasa labas noon at nagprapraktis ibaril ang maliit kong riple. Ako . . . Paano't paano man ay nais ko lang sanang sabihin sa inyo ang tungkol sa munting batang lalaking Capps. At sabi ko . . . At, si Joe, kailangan nga talagang ibigay ko na lang sa kanya 'yung riple, dahil kaya niya akong talunin sa asintahan. Ipina-testing na namin iyon, at ako noon ay—binaril ko noon ang mga tack sa layong limampung yarda. At sabi ko kay—kay Joe . . . Sabi ni Joe, “Daddy, sa tingin ko kaya ko pong gawin 'yan.” Ang kawawang bata ay masakit noon ang ulo. Ipinapanalangin ko siya noon, mataas ang lagnat. Sumama siya sa akin doon sa lugar na pinagsasanayan ng pamamaril, at ako . . .

⁴ Anumang two-over-ten bore na ripleng kalibre beinted, tinatawid nito ang direksyon ng puntirya nito sa layong

dalawampu't dalawang yarda; ay ganun din ito muli pagdating ng limampu, parehas pa rin, kung iyon ay two-over-ten. Kaya nga. . . At binaril ko iyon sa layong dalawampu't limang yarda. At kaya may dalawang tack pa ako at inilagay ko ang mga iyon, at kung di ba naman binaril ni Joe ang parehong dalawang tack na iyon! Wala na akong natitirang mga tack, kaya naglagay ako ng isang maliit na piraso ng lumang asintahang luwad na nagkapira-piraso na doon, 'yun bang pinupuntirya ng mga nagsasanay bumaril sa ere ng mga inihahagis na asintahang luwad, mga ikaapat na bahagi lang ng isang pulgada ang lapad, at ipinosiyon iyon sa layong limampung yarda, at nahati niya iyon sa dalawa. At 'yung teleskopyo ay nakaayos para sa mga mata ko, na mas matanda lamang nang ilang taon sa kanya. Kaya sabi niya, "Alam n'yo po kung ano? Kailangan ko pong dumaan muna at sabihin kay Billy na lubayan na niya ako mula ngayon." Kita n'yo? [Tumatawa si Kapatid na Branham at ang kongregasyon—Pat.]

⁵ Kaya, kaya't sabi ko, "Buweno, ganito na lang," sabi, "pumunta tayo doon at ipakita 'yan kay Kapatid na Norman."

⁶ Sabi ko, "Joe, sa mga paligsahan sa buong mundo, wala akong pakialam kung sino man iyon, walang sinuman. . ." Ngayon, hindi tinamaan 'yung mga tack nang patagilid, ang mga iyon ay tinamaan nang patagos sa gitna mismo. At ang pirasong iyon, na hindi lalampas, sa palagay ko, ng ikaapat na bahagi ng isang pulgada, at isang kalabing-anim ang nipis, at isang kapat ng isang pulgada ang laki, nahati niya 'yon sa dalawa, sa layong limampung yarda. Sabi ko, "Wala nang iba pa sa mundo na makagagawa ng mas iinam pang pagkapuntirya. Kaya nila, 'yung mga kampeon, ay maaaring nagawa ang ganoon din, pero siguradong hindi ka makagagawa ng tatlong mas mainam na mga pagkapuntirya kaysa sa mga ito." Ang mga tack, na hindi bumaluktot, talagang diretsong butas doon sa papel kung saan tumagos 'yung mga tack. At sabi ko, "Wala nang makagagawa pa ng—ng naturang mas iinam na pagkapuntirya." Buweno. Sa tingin ko nawala noon din ang sakit niya sa ulo.

⁷ At sabi ko, "Buweno, pumunta tayo't ipakita natin ito kay Kapatid na Norman," na nagtratrabaho para sa *Field And Stream*, ang kay Kapatid na Tommy Stromei na tindahan ng mga kagamitang pang-isports.

⁸ Sabi niya, "Dumaan po muna tayo kay Billy." Sabi niya, "Ako—may gusto lang akong sabihin kay Bubby." Kita n'yo? At, sa totoo lang, hindi pa nagawa ng kapatid niya ang ganoon kainam. Kaya sabi niya, "Dumaan po muna tayo doon."

⁹ At pagkapasok na pagkapasok ko sa pintuan, naka-pajama pa noon si Billy. At sabi niya. . . Pumunta kami nang maaga, kasi sobrang umaalinsangan. At kaya sabi niya. . . Tumunog ang telepono. At sabi ko. . . Medyo tiningnan niya ako na parang

ganyan. Sabi ko, “Siguro tawag para sa isang maysakit.” At si Kapatid na Capps iyon para sa anak niyang lalaki, na nasa silid-operahan noon, na may peritonitis at noo’y naghihintay na maoperahan. At ngayun-ngayon lang ay sinabi niya sa akin na ang anak niya ay talagang, talagang bumubuti na ang kalagayan.

¹⁰ Kaya, nakita n’yo ba kung paanong ginawa ng Diyos iyon, maging sa tinig ng munting batang iyon, na si Joe? Sa halip na pumunta kina Kapatid na Norman, wala sana kami doon, at napunta nga doon. At nagkaisa kami ni Kapatid na Capps. Hindi ko sinasabing ang panalangin namin ang gumawa niyon, ngunit may halaga nga sa kanya para sa amin ang magkaugnay nang ganoon. At, sa totoo lang, ’yon ay kung anong . . . Kapag mayroon kang—kailangan mong magkaroon ng pananampalataya sa kung ano’ng ginagawa mo. Kita n’yo? At, iyon, ang pananampalataya niya para tumawag, at si Billy ay . . .

¹¹ Naghuhulog sila noon ng pera. Sabi niya, “Ito siguro’y talagang tawag na galing pa sa malayo,” sabi, “naghuhulog siya ng halos limang dolyar na halaga ng barya, sa isang tatlo . . . para sa tatlong minutong tawag.” At naisip kong manggagaling iyon sa New York o doon sa isa sa mga isla o kung saan man. Pero tumawag siya nang personalan, para makausap si Billy sa halip na si Loyce, nakita n’yo, at iyon ang dahilan kaya siya nagastusan ng ganoon para magawa iyon.

¹² At ngayon ay bumubuti na ang kalagayan ng anak niya. Sinabi ni Kapatid na Capps na binigyan ito ng doktor ng katiting na pag-asang makalampas pa rito, nakita n’yo, mula sa operasyon. At nagpapasalamat tayo sa Diyos ngayong umaga dahil dito, lubos na nagagalak dahil dito.

¹³ Ngayon, nakarating kami, nang magbubukang-liwayway na kaninang umaga, at nakatulog ako nang mga tatlong oras, at—at ako’y talagang pagod na pagod. Ngunit noong ang bahay-sambahan . . . oras na para magtungo sa bahay-sambahan, aba’y, pumunta ako.

¹⁴ At kung loloobin ng Panginoon, kailangan kong pumunta ngayon sa Kentucky, gaya nga ng sinabi ko. Tapos naipangako kong mangungusap nang isang araw ng Linggo habang naririto ako, at dapat na makapunta na ako ngayong susunod na Linggong ito, dahil sa susunod ako’y . . . kailangan kong bumalik. Dahil aalis akong muli, patungo sa Canada. Kaya’t ako—dapat na makarating ako sa susunod na Linggo, at sa susunod na Linggo ng umaga.

¹⁵ At sabi ni Kapatid na Neville, “Bakit hindi ka na lang lumabas at kumustahin ang mga tao, at makipag-usap sa kanila nang ilang sandali lang?”

¹⁶ Sabi ko, “Kapatid na Neville, ni hindi ko pa nga nabuksan ang Biblia ko, halos.” Sabi ko, “Ako . . .”

17 Sabi niya, “Buweno, lumabas ka’t magsalita ka sa kanila.” At, Kapatid na babaeng Neville, ako—ako—hindi ko alam kung paano mo ’yon nagagawa. Napakamapanghikayat niyang tao. Pero habang . . .

18 Wala akong pagkakataong sabihin ito kapag punung-puno itong lugar, at nagsisiksikan, at lahat na, ngunit lubos akong nagpapasalamat sa Diyos para sa isang pastor na gaya ni Kapatid na Orman Neville. Matapat, sadyang napakatapat, sa Adhikain, at hindi siya kailanman kariranggan na nagreklamo. Nauupo ako doon sa likuran . . . Nagkaroon ako ng mainam na kalahating oras na pakikipag-usap sa kanya habang nasisiyahan ako kay Kapatid na Mann, kaya’t mas marami pa akong sasabihin sa kanya tungkol doon kapag nakapunta na kami sa Colorado ngayong taong ito. Kaya habang nasisiyahan kami sa mensahe niya, at nagkaroon ako ng mainam na pakikipag-usap kay Kapatid na Neville. Sabi ko, “Ni wala pa nga akong nasasabi sa mga tao tungkol sa ating mahusay na pastor.” Sabi ko, “Tama ba ang pagtrato sa iyo ng mga tao?”

Sabi, “Wala nang mas iigi pa.”

At sabi ko, “Buweno, ’yan ang ikinagagalak kong marinig.”

19 Kapag nasisiyahan ang isang pastor, at nasisiyahan ang mga tao, bumubuo ito ng isang talagang mabuting iglesya, at kung magkagayon ang Diyos ay nasisiyahan. At sa palagay ko, ang makita silang kapuwa nasisiyahan, lalung-lalo na sa araw na ito ng Mensaheng dinadala natin, sa palagay ko’y ipinakikita niyan ang pagkaugnay-ugnay ng Mensahe sa mga tao at sa Diyos. Kita n’yo?

20 At nagpapasalamat akong lubos para kay Kapatid na Orman Neville, at sa kanyang mabuting maybahay at pamilya. At dalangin kong pananatilihin silang matapat ng Diyos sa Kanya at sa Adhikain. At kung ikalulugod Niya, nawa kami’y nakatayo rito sa tabernakulo kapag sinundo na tayo ng Panginoong Jesus, nakita n’yo, upang dalhin tayo sa Pag-agaw. Umaasa kaming kapuwa kami matandang-matanda na, ni Kapatid na Neville, na ang isa ay nakaakbay ang braso sa isa, at nakatayo roon na hawak ang aming mga tungkod, na nagsisikap pa ring manatiling matatag. Kita n’yo? “Kung magkagayon tayo’y babaguhin, sa isang sandali, sa isang kispap-mata.”

At itong matatandang balabal na ito ng laman
ay malalaglag,
At babangon at kukunin ang walang hanggang
gantimpala,
At sisigaw habang naglalakbay sa hangin,
“Paalam, paalam,” matimyas na oras ng
panalangin.

Pumaitaas na tayo sa sandaling iyon.

²¹ Narinig ko ang tungkol sa paggaling ni Kapatid na Coomers na mula sa Panginoon, at lubos na nagpapasalamat dahil diyan. Napakaraming mga bagay. Kaya nagpapasalamat ako na maparito ngayong umaga. At naisip ko, sa halip na . . .

²² Lagi akong pumaparito na may isang teksto, at nagsasalita. Naisip kong pumunta lang—lang ako ngayong umaga. At sabi ko, “Kapatid na Neville, babantayan ko nang talagang maigi ang orasan, at marahil palalabasin ang mga tao sa tamang oras, at makipag-usap lang sa inyo mula sa puso ko, nang ilang sandali; sadyang mga bagay-bagay lang, na kailangan lang natin. . . Hindi, hindi naman nila ito itinetep o anumang, kaya magsama-sama lang tayo habang ’yung mga kapatiran lang sa iglesya ang naririto, nakita n’yo, tayo-tayo lang na magkakasama.”

Kaya manalangin tayo.

²³ Minamahal na Jesus, kami’y nagpapasalamat po sa Iyo para sa taglay naming pribilehiyo na magkatipun-tipon dito. At, oh, habang nakatingin ako sa tabernakulong ito maaga-aga pa kaninang umaga, matapos ang hatinggabi, noong mapadaan ako, naisip ko kung gaano Mo po ito itinaguyod.

²⁴ At naiisip ko ang dating maliit na lawa na naririto, at ang malalaking matatandang talahib na nangakatayo, halos banda rito mismo kung saan na naroon itong pulpito. Samantalang isang kabataan pa lamang, ako—ako ay tumayo noon dito. Sinabi ni G. Ingram na maaaring mapasa amin ang naturang lote sa maliit na halaga lamang, at magpaunang bayad; at walang pera, walang panggarantiya, o walang anumang maialok, kundi ang subukan lamang. Kung paanong ito, noon, sa kabuuang halaga ay lampas lang nang kaunti sa dalawang libong dolyar; na may dalawampung taon para bayaran ito.

²⁵ At ngayon, Panginoon, tingnan Mo po ito ngayon! At habang ito’y nagsisimula pa lamang noon, naroon pa rin sa isang butas dito, na napapasukan pa nga ito ng tubig; kung paanong ipinangako Mo sa amin, sa pamamagitan ng Salita: “Akong Panginoon ang nagtanim nito, Akin itong didiligan araw at gabi, baka may umagaw nito mula sa Aking mga kamay.”

²⁶ Sa panahon ding iyon, ang sabi ng mga tao, “Sa loob ng anim na buwan, magiging isang garahe na ito.”

²⁷ Ngunit sa katotohanan libu-libong kaluluwa ang nakasumpong kay Cristo dito sa altar. At ang tabernakulo, ang bautismuhan ay palaging. . . Nangabautismuhan ang mga tao sa Pangalan ng Panginoong Jesus; tumatawag sa Kanyang Pangalan, na hinuhugasan ang kanilang mga kasalanan. Daan-daang mga lumpo, mga may karamdaman, bulag, pingkaw, pilay, mga kinain na ng kanser, ang nakalakad nang palayo sa entabladong ito; mga pumasok, na naghihingalo, mga lalaki’t babae, mga batang lalaki’t batang babae, at lumabas na para makapamuhay ng panibagong buhay, na may bagong laman sa

kanilang mga katawan, at nagsisilakad nang muli; na inihiwan na ang kanilang mga wheel chair, mga saklay, at iba pa. O Diyos, sa loob nitong tatlumpung taon ng paglilingkod!

²⁸ Ama, naaalala ko pa ang umagang inilatag namin ang panulok na bato. At ibinigay Mo po ang pangitain doon, na ipinapakita ang naturang lugar, na punung-puno at nagsisiksikan, isang magandang sulok; ako—alam kong hindi iyon maaaring mabigo. Kaya't ako po'y nagpapasalamat sa Iyo para sa lahat ng mga bagay na ito.

²⁹ Marami sa kanila ang tapos nang makipagbaka ng mabuting pakikipagbaka, at natapos na ang takbuhin, at iningatan ang Pananampalataya; na nakahimlay sa dako roon, naghihintay, nagpapahinga ngayon mula sa kanilang mga pagpapagal, at sa mga gawa nila na sumusunod sa kanila; naghihintay sa oras ng pagtunog ng trumpeta, at para umusbong muli tungo sa bagong buhay, na isang bagong katawan. Karamihan sa kanila ay matatanda na at mahina na ang tuhod, ang ilan naman ay bata pa, nasa kalagitnaang gulang, at iba pa. Ngunit ang Iyong Pangalan ay mapapurihan nawa para sa lahat.

³⁰ Ngayon ay nakatayo po kami dito muli, sa harap ng mga—ng mga buhay at ng mga patay. Dalangin kong papahiran Mo ang Iyong Mga Salita sa umagang ito. Wala po akong alam na isang bagay na masasabi, subalit idinadalangin kong Iyong ipagkakaloob iyon, na lagi Mo naman pong ginagawa iyon, Panginoon.

³¹ Pagpalain Mo po ang aming pastor, na si Kapatid na Neville, ang kanyang maybahay. Pagpalain ang mga katiwala, ang mga lupon ng mga diyakono, ang bawat miyembro ng katawan. Nawa, sama-sama, na mabuhay kaming ganito sa buhay na ito, upang sa buhay na darating ay magtamo kami ng Buhay na Walang Hanggan.

³² Tulungan Mo po kami ngayong umaga na magpatuwid mula sa Espiritu at sa Salita, nang sa gayon ay maihanda namin ang aming mga sarili sa paglisan namin mula sa mga pintuan ngayong umaga, na determinado sa aming mga puso na mamuhay nang mas mainam kaysa noong nakaraan. Hinihiling namin ito sa Pangalan ni Jesus. Amen.

³³ Ngayon, ako—kabubukas ko lamang ng Biblia rito, at nagkataon namang ito'y nangyari ilang sandali pa lang ang nakararaan. Nasa Apocalipsis 3 ako, kaya babasa na lang ako dito, sa—sa Mensahe sa Iglesyang Laodicea.

³⁴ At gusto kong ipaalam, din, na kasasabi lang sa akin ni Kapatid na Neville; si Kapatid na Parnell, dahil nagkataong napatingin ako sa ibaba at nakita siyang nakaupo rito, ay nasa isang—nasa isang rebaybal, dito lamang sa bahaging ito ng Memphis. Doon sa—sa . . . may nakakaalam ba sa inyo kung saan banda 'yung dating Wimpy, 'yung narooing bilihan ng

hamburger dati, mayroon siyang isang—isang tolda na nakatayo roon, na sinisikap na dalhin ang mga bigkis at hanapin kung may mga nawawala doon sa ganoong landas na itinalaga sa buhay, na maaari niyang maipagwagi sa pamamagitan ng kanyang ministryo kay Cristo. At isinara niya iyon para sa Linggo, dahil sa mga gawain na gaganapin sa tabernakulo, at—at 'yan ay napakatapat ng kapatid na iyon. At gusto naming ipaalam sa inyo na ang mga gawain ay magbubukas nang kasunod na Lunes ng gabi, sa susunod na linggo. At alam kong malugod kayong iniimbitahan doon upang mapakinggan si Kapatid na Parnell na ibigay ang kanyang mensahe tungkol sa pag-ibig ni Cristo.

³⁵ At ngayon bumasa tayo mula sa Apocalipsis sa ika-3 kabanata, isang bahagi lamang, upang masabing binasa natin ang Biblia. Dahil sa, ang sasabihin ko'y maaaring mabigo, ngunit ang sinasabi Niya ay hindi mabibigo. At hindi ko alam kung saan mag-uumpisa, kung ano'ng gagawin, kung saan dadako, ngunit babasahin ko lang ang Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea.

. . . sa anghel ng iglesia sa . . . Laodicea ay isulat mo; Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Amen, ng saksing tapat at totoo, at ng pasimula ng paglalang ng Dios;

Nalalaman ko ang iyong mga gawa, . . . ikaw ay hindi malamig o mainit man: ibig ko sanang . . . ay na malamig o mainit.

Kaya sapagka't ikaw ay malahininga, at hindi mainit o malamig man, ay isusuka kita sa aking bibig.

Sapagka't sinasabi mo, Ako'y mayaman, at nagkamit ng kayamanan, at hindi ako nangangailangan ng anoman; at hindi mo nalalamang ikaw ay aba, . . . maralita, . . . dukha, . . . bulag, . . . hubad:

Ipinapayo ko sa iyo na ikaw ay bumili sa akin ng gintong dinalisay ng apoy, upang ikaw ay yumaman; . . . ng mapuputing damit, upang iyong maisuot, at upang huwag mahayag ang iyong kahiyahiyang kahubaran; at ng pangpahid sa mata, na ipahid sa iyong mga mata, upang ikaw ay makakita.

Ang lahat kong iniibig, ay aking sinasaway at pinapalo: ikaw nga'y magsikap, at magsisi.

³⁶ Alam n'yo, saan man diyan, habang nagbabasa ako, ako . . . Kung pagpapaumanhinan n'yo ako saglit, ako—nakasumpong ako ng isang dako na maganda sa pandinig ko, at hindi ko alam sadyang kung saan iyon ngayon. Heto ito.

. . . at hindi mo nalalamang . . . aba, . . . maralita, . . . dukha, . . . bulag, . . . hubad:

³⁷ Oh, naku, tila ba 'yan ang larawan dito ng iglesia sa panahong ito! Ngayon, ito'y, ako—sa palagay ko na 'yang kapanahunan ng iglesia rito, na pinag-uusapan natin . . .

Siyempre, inilalabas ko na ngayon ang kapanahunan ng iglesia sa mga aklat. Subalit dahil iyan ang Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea na kinaroroonan natin, tingnan lamang natin ang naturang mga kalagayan.

³⁸ Ayaw kong kumuha lang ng anumang teksto o anumang bagay, dahil hindi tayo . . . nag-uusap lang nang kaswal, habang tumitingin tayo upang pag-usapan ang tungkol sa kung saan man tayo pangunahan ng Panginoon na gawin, ngunit isang bagay na makakatulong sa atin.

³⁹ Isipin natin ang Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea at ang kalagayan nito sa panahong ito. Sa abot ng nalalaman ko, wala akong nakikitang anumang bagay na makahahadlang, sa oras na ito, sa Pagparito ng Panginoong Jesus, maliban ang pagiging handa ng Kanyang Iglesia. Palagay ko na isa sa—sa mga propesiya . . .

⁴⁰ Kahapon, sa pagpunta na sakay ng kotse, biniyahe namin ito nang dalawang araw, mula Tucson, dito, dalawang libong milya mismo, si Billy at ako. At kaya kami, ngayon, hindi 'yun paglabag sa anumang batas sa bilis ng pagpapatakbo. Nanatili kaming nasa tama. Nakaupo ako roon, kapag siya ang nagmamaneho, at ako—itinaas ko—itinaas ang mga kamao ko na gaya ng isang shotgun na nakakasa na. Nakita ko siyang lumampas. Sabi ko, “Sandali lang, iho.”

Ngayon, ang sabi sa atin, “Ibigay kay Cesar kung ano ang kay Cesar.”

⁴¹ Pagkatapos nakarating kami dito kagabi, isang munting batang babae ang nakahandusay sa daan, mga tatlong taong gulang; 'yung nanay ay patay na doon sa may kanal. Isang lasing na binata, na kagagaling lang noon sa R.O.T.C., na labingwalong taong gulang, na nagmamaneho nang isang daan at dalawampung milya kada oras, nandoon sa kaliwang panig ng kalsada, ang nakapatay. At sa palagay ko nag-aagaw-buhay din siya. Kung gayon mapag-uunawa n'yo na kung ano ito.

“Ibigay kay Cesar kung ano ang kay Cesar.”

⁴² Mga inosenteng tao ang namamatay. Isang tatlong taong gulang na batang babae ang nawalan ng buhay, dahil sa isang lasing na sundalo, kita n'yo, na nagmamaneho nang isang daan at dalawampung milya kada oras, sa pagkakatantiya, sa maling panig ng kalsada. Paakyat doon sa burol, at tinamaan mismo, at napatay silang lahat mismo doon nang sama-sama. Ako . . . Nag-aagaw-buhay na rin siya. Kaya sa gayon nakikita n'yo, kahit na 'yung inosenteng panig ay gumagawa . . .

⁴³ Ngayon may sala ang lalaking iyon ng karumal-dumal na sadyang pagpatay. Kita n'yo? Sa palagay ko kapag nahuli ang isang tao sa kalsada, na naglalasing, dapat siyang patawan ng sampung taon, eksakto, para sa wala sa panahon . . .

sinadyang pagpatay; ang sinumang tao, dahil siya'y sadyang . . . ang sinumang tao.

⁴⁴ Tayo, wala tayong anumang buting magagawa gamit ang pulitika. Bulok na ito. Ang ideya ng Diyos sa pagkakaroon ng hari, isang matuwid na hari, ay tama. Subalit sadyang lumaganap na ang pulitika, mabibili mo na ang kahit ano; mandaya, magsinungaling, magnakaw, lahat na ng iba pa. Gaya nga ng sinabi ko ilang Linggo na ang nakakaraan: at tingnan n'yo kung saan na kayo naroroon, kita n'yo, wala nang iba kundi isang baluktot na limpak ng lahat ng bagay. Subalit ang isang matuwid na hari ay maaaring gumawa ng sarili niyang batas. At maaari kang pumatay ng isang tao; alam n'yo kung marunong kang mamulitika, ayos lang 'yan, malulusutan mo ito. Kita n'yo? At kaya, ito'y, ito—ito . . .

⁴⁵ Magandang ideya ang demokrasya, pero hindi ito uubra. Kagaya lang ng komunismo, ang mga ari-arian ay para sa lahat; mainam itong pakinggan, pero hindi ito uubra. Hindi. Ang . . . Ang paraan ng Diyos ng pagkakaroon ng hari, gaya ni David noon, ay tama, at may isa kang kaisipan na nakasentro. Gaya ng isang pinuno at isang kawan ng mga gansa, o iba pa, hindi mo maaaring gawing pinuno ang dalawa o tatlo sa kanila. Kung magkagayon, guguluhin mo silang lahat, pag nakakaisip ka ng anumang ideya.

⁴⁶ Kaya't nakikita natin ang mga kalagayan, sa araw na ito, na nakahanda na para sa Pagparito ng Panginoon.

⁴⁷ Subalit, habang ako at si Kapatid na Neville, at itong iba pang mga kapatid na lalaki ay nagsisikap na pastulan ang isang kawan, may bagay ako sa isip ko ngayon, na dumarating, na maaaring pag-usapan natin.

⁴⁸ Iyon ay, may natanggap akong sulat noong isang araw mula sa isang mabuting ginang. Hindi ko iyon direktang natanggap; dumating iyon mula sa isa pang tao. At talagang tinuligsa niya ako nang husto, o nagsisikap na gawin iyon. Ang sabi, "Nagawa n'yo na ba . . . Wala ba kayong magawa na mga Christian Business Men para patigilin si Kapatid na Branham?" Sabi, "Dahil sa inilabas na niya ngayon ang aklat na ito na tinatawag na *Ang Kapanahunan Ng Iglesyang Laodicea*, na nagdaragdag pa ng ilalabas." At sabi, "Sadyang binabatikos niya nang husto ang doktrinang Pentecostal." Sabi, "Ngayon ang sinasabi naman niya ang paunang katibayan daw ay hindi ang pagsasalita sa iba't ibang wika." At sabi, "Saka, laban siya sa mga mangangaral na babae." At isa itong mangangaral na babae. At ang mga anak niyang lalaki, ay ang ilan sa mga pinakamatalik kong kaibigan sa mundo. Siya . . . Sila ay kabilang sa mga pinakamatalik na kaibigan na mayroon ako. At sabi niya, "Ngayon . . ."

49 At itong lalaki at ang maybahay nito, ako'y nag-aagahan noon na kasalo nila; sabi nila, "Kapatid na Branham, tingnan mo ito. Ano'ng palagay mo rito?" at hinugot ang isang liham.

Sabi ko, "Buweno, sister, sadyang di lang niya nauunawaan."

50 Sinabi sa akin ng mga anak na lalaki na ang nanay nila ay babaeng mangangaral, at hindi siya umaayon sa Mensahe.

51 At ngayon sinasabi niya rito, sabi niya, "Ngayon sabi niya, 'Hindi dapat magkaroon ng pamumuno ang mga kababaihan sa mga kalalalahanan.'" Sabi, "Paano naman si Febe sa Biblia, na katulungan ni Pablo?"

52 Siyanga, nagtitinda siya ng mga produkto. At hiniling ni Pablo sa mga tao. . . Sa palagay ba ninyo sasabihin ni Pablo, "Ang mga babae ay magsitahimik sa mga iglesya, hindi sila pinahihintulutang magsalita," at babaligtad at sasabihin, "Ngayon, si Febe, ang katulungan ko sa Ebanghelyo, mangangaral siya nang ilang gabi"? Aba, sasalungatin niya ang sarili niyang salita. Kita n'yo?

53 At sabi, pagkatapos, ang higit sa lahat (Naniniwala akong si Ester iyon, ay isa sa mga hukom noon sa Biblia.), sabi, "Isang babae ang naging isang hukom noon sa Biblia. Kung hindi ba naman iyon pamumuno sa mga lalaki!"

54 At itong negosyanteng lalaki na napagaling dito mismo sa bahay-sambahan di pa katagalan, sabi niya. . . Ngayon, sabi ng maybahay niya, "Kapatid na Branham, palaisipan 'yan sa akin noon pa man."

Sabi ko, "Aba, kapatid, paano naman iyon magiging palaisipan sa iyo?"

Sabi, "Buweno, heto ang isang babaeng hukom."

55 Sabi ko, "Pulitika iyon, hindi ang iglesya. Wala iyong anumang kinalaman sa iglesya."

56 Sabi ni Pablo, "Sila'y pasakop, gaya naman ng sinasabi ng kautusan." At ang kautusan ay hindi maaaring gawing saserdote ang isang babae; hindi iyon maaaring gawing ganoon. Wala pa kayong nakitang babae na punong saserdote. Wala pa kayong nakitang babae na isang saserdote, wala saan man sa Biblia. Wala pa kayong nakitang babae na isang mangangaral, sa Biblia. Tiyak nga.

57 Ang ilan sa kanila'y mga propetisa, at iba pa; si Miriam at ang iba pa. At si Ester. . . Ang isa sa kanila ay hukom noon sa Israel. Kung minsan mga reyna sila na namumuno noon sa kanila, at iba pang ganyan, hari at reyna. Sa pagkamatay ng hari, kailangang pumalit sa lugar niya ang reyna hanggang sa makapaghalal sila ng panibagong hari, at iba pa.

58 Sa—sa Tucson, Arizona, may babae kaming hukom doon sa siyudad. Iyon ang dahilan kaya't napakarumi ng siyudad. At mayroon tayong. . .Hindi dapat nakikialam ang babae sa pulitika. Hindi siya dapat nakikialam sa. . .sa anumang pamumuno sa iglesya.

59 Ang lugar niya ay bilang isang reyna ng isang lalaki sa tahanan. Maliban pa diyan, wala na siyang anupaman. At alam nating 'yan ang Katotohanan. Hindi ka makasusumpong. . . Alam kong makaluma ang dating niyan, ngunit may pananagutan ako.

60 At alam ko na, matapos akong lumisan sa mundong ito, ang mga teyp na iyan at ang mga aklat na iyan ay magpapatuloy, at malalaman ng marami sa inyo na mga batang musmos, sa mga darating pang araw, na ito ang ganap na Katotohanan, dahil nagsasalita ako sa Pangalan ng Panginoon.

61 Ngayon, nagtataka tayo kung paanong ang isang babae, na isang mabuting babae, at nagluwal siya sa mundong ito sa pamamagitan ng kanyang matapat na asawa, na isang mabuting lalaki, ng ilan sa mga pinakamabubuting mga anak na lalaki na nakilala ko, sila'y mga kalalakihan, na nakilala ko. At sadyang kaagad-agad, pagkatapos na pagkatapos nilang marinig ang Mensahe, lubos na silang naniwala Rito, isandaang porsiyento. Ngayon, maaari lamang mangyari 'yan sa pamamagitan ng paunang pagtatalaga, ang tanging paraan na maaaring dumating ito.

62 Ngayon, ang tanong ay, dito. Iniisip ko iyon, kita n'yo, bakit ako dinadala pabalik ng Panginoon ngayon. "At alam ito, nalalaman. . .Hindi ito nalalaman; na ikaw ay hubad, maralita, aba, bulag, at hindi ito nalalaman."

63 Bago ako dumako sa puntong iyan, maaaring bigyan ko ng kaunting paliwanag kung ano ang nasabi ko ilang araw pa lang ang nakakaraan, dito sa isang Mensahe tungkol sa, sa palagay ko iyon ay, *Ang Diyos Ng Sanlibutang Ito*; na binulang ang mga mata ng mga tao, na kanilang ganap na sinasamba ang diablo sa mga panrelihiyong gawain. Nakuha n'yo bang lahat 'yan? Lahat kayo'y naintindihan ito? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

64 At pagkatapos sa Mensahe ring iyon, ay tinalakay ko ang paksa, na, ang isang babaeng nagsusuot ng imoral na pananamit, nang malaswa, siya ay, hahatulan sa Paghuhukom bilang isang patutot sa lansangan. Talagang kakaiba ang dating niyan.

Hayaang magbigay ako sa inyo ng isang paglalarawan.

65 Ngayon, heto ang isang abogado sa lungsod, na isang kabataang lalaki, at mabait siyang lalaki. Sa abot ng—ng sa pulitika, nakikini-kinita kong kasing desente siyang gaya ninuman, ang pulitika niya. At pagkatapos ay lumalabas siya kasama ng isang dalagang lubos na kilala. Nagka-

ibigan sila at nagpakasal. Pumupunta sila sa lahat ng mga kasayahan at mga dakilang bagay, at nag-iinuman silang lahat nang magkakasama. Sa wakas, siya. . . May maganda siyang tahanan. Nakatira siya sa isang magandang pook. Kinikilala't hinahangaan siya ng mga tao. Subalit siya. . . Kapuwa sila umiinom. Nagsusuot ang babae ng shorts, nagpapagupit ng buhok, nagme-makeup, lahat ay sadyang kaakit-akit, magandang babae na inilalantad ang kanyang sarili. Buweno, hindi siya nagsisimba, man lang, kahit sino sa kanila.

⁶⁶ Kaya, may lumipat, sa katabing bahay nila, heto ang isang babae mula sa iglesyang Baptist o iglesyang Methodist, ang naturang babae at ang asawa nito. Ngayon, itong babae. . .

⁶⁷ Gawin na nating Methodist, dahil medyo mas naniniwala nang kaunti ang Methodist sa kabanalan kaysa sa Baptist; lahat naman maliban sa New Testament Baptist, naniniwala sila sa kabanalan. Pero, kadalasan, hindi talaga naniniwala ang mga Baptist sa kabanalan, kita n'yo. Hindi sila naniniwala sa ganoong bagay. Kaya kung ganoon, ngayon, gawin natin iyon na Methodist dahil naniniwala sila sa kabanalan.

⁶⁸ At pagkatapos isang babaeng Methodist ang lumipat sa kabilang bahay ng babaeng ito, sa kalye din na iyon. Ang asawa niya ay isang. . . Sabihin nating isa siyang public accountant, at, o kung anong katungkulan. Buweno, itong babaeng Methodist ay nagmamasid dito sa isang babae.

⁶⁹ At kapag nangingibang-bayan ang abogadong ito. . . John ang pangalan niya; sabihing ang pangalan niya ay John. Ngayon, huwag maghaka-haka tungkol diyan ha. Gumagamit lang ako ng mga kathang-isip na pangalan ngayon. At ang pangalan niya ay John. Buweno, dati siyang lumalabas kasama ni Ralph. At kathang-isip na pangalan 'yan, lahat ng ito, kita n'yo, para lang maunawaan n'yo 'yung kuwento, para maisalarawan.

⁷⁰ Buweno, malalaman mo na lang, sa isang inumang kasayahan, niyakap siyang muli ni Ralph. Buweno, nag-alab siya, dahil muli na naman siyang umibig kay Ralph, sa pag-aakala niya. Pagkatapos, di-kalaunan, nag-umpisa nang makipagkita sa kanya si Ralph. At kaya niyang pagtakpan iyon kay John, at itago iyon sa kanya. At akala niya napakagalang niya, dahil kaya niyang makisama kay Ralph, habang kasal kay John. Kita n'yo, wala man lang bikas ng kadisentehan 'yung babae, at hindi man lang niya iniisip iyon.

⁷¹ Ngunit itong babaeng Methodist ay mas mataas ang antas na naabot. Siya naman, kahit papaano, ay nagsisimba, at iniisip niyang karumal-dumal ang babaeng iyon. Aba, sinasabi niya sa asawa niya, kapag pumapasok ito, "Nakikita ko 'yung lalaking iyon na pumapasok diyan at nakikipagtagpo sa kanya. At kapag naroon si John sa isang kaso sa kung saan man, sa Philadelphia o kung saan man, inilalabas siya nito sa sasakyan nito, at nandoon

silang nakahiga sa dalampasigan. Nakikita ko silang umuuwi; ni hindi man lang ibinababa ang mga kurtina kung minsan, hinahalikan siya at nakikipagniig sa kanya, tapos. . . Oh, hindi ba napakasagwa niyon?” sinasabi niya sa asawa niya. “Aba, siya ay walang iba kundi isang lantarang patutot.” Totoo ’yun. Mas masahol pa siya sa isang lantarang patutot, dahil isa siyang babaeng may asawa. Kita n’yo? At siya, itong babae, itong babaeng Methodist, ay iniisip na karumal-dumal iyon, hindi ito kailanman nagsisimba.

⁷² Ngayon, hindi gagawa ng ganoong bagay itong babaeng Methodist. Hindi, talaga. Desente siyang babae. At isa pa, hindi siya hihipo ng kahit katiting na whiskey, dahil, ang iglesyang Methodist, siyamnapung porsiyento ng kanilang programa ay pagbabawal sa whiskey, laban sa whiskey. Kaya, may programa silang nagbabawal, at ’yung mga miyembrong iyon ng iglesyang Methodist ay namumuhay na hindi lumalampas sa aral ng iglesyang iyon.

⁷³ Ngunit ang babae ring ito, itong babaeng Methodist, ay lumalabas, sa gabi, kasama ng asawa niya, na nakasuot ng shorts tuwing Linggo, pagkatapos ng Sunday school. Pinuputulan niya ang kanyang buhok. Naglilipstik siya, at naninigarilyo pa nga nang kaunti.

⁷⁴ Ngayon, sa Salita ng Diyos, pareho lang silang mga patutot, subalit *itong* isa dito ay “hubad, maralita, aba, bulag, at hindi ito nalalaman.” Ang isa ay pareho ring may sala gaya ng isa, dahil, “Ang isang lalaki na tumitingin sa isang babae, na may masamang hangad sa kanya, ay nagkakasala na ng pangangalunya kasama niya sa kanyang puso.”

⁷⁵ At kung itong babae, ngayon, sasabihin niyang, “Teka lang sandali, G. Branham. Para sabihin ko sa ’yo, hindi ako patutot.” Kapatid kong babae, marahil kung dadalhin ka sa harapan ng isang Biblia, at ang iyong mga kamay ay ilalagay sa ibabaw Nito sa Presensiya ng Diyos, at manunumpa na ikaw ay lubos na tapat, tapat sa iyong asawang lalaki sa abot ng makakaya mo. Ang katawan mo ay sa iyong asawa, subalit ang kaluluwa mo ay sa Diyos. May masamang espiritu na nagpahid sa iyo. Kung iyon, kung hindi nga, kung ganoon ika’y. . . mapatutunayan kong lubos kang wala sa katinuan.

⁷⁶ Ano kaya ang nangyari noon sa lola mo kung lumakad siya doon sa lansangan na suot-suot ’yang shorts? Ilalagay nga nila siya sa isang institusyon para sa mga baliw; kung lalabas siyang hindi nakadamit. May bagay na di-tama sa kanyang pag-iisip. Kung ganoon ito noon, ganoon din ito ngayon.

⁷⁷ Kaya inilalagay nito ang buong mundo sa kawalang katinuan. Ang kabuuang bagay ay nababaliw na. At unti-unti na itong nakagapang papasok hanggang sa hindi na ito namalayan ng mga tao.

⁷⁸ Ngayon, isa ba siyang patutot? Hindi sa kanyang asawa, sinumpaang sa kanyang katawan. Kundi, sa harapan ng Diyos, ay mayroon siyang masama, na patutot na espiritung nasa kanya, na ginagawa siyang magsuot ng ganoon. At siya'y nasa Kapanahunan ng Iglesyang Laodicea, at hindi alam na ginagawa niya 'yon. Hindi alam ng inosenteng babaeng iyon na hahatulan siya ng Diyos bilang isang patutot. Hayan na.

⁷⁹ Iparating mo Iyon sa kanya; hindi mo maaaring pagsabihan siya. Walang paraan na maipaalam mo Ito sa kanya. Sabi ng Biblia, "Sila'y hubad at hindi ito nalalaman."

⁸⁰ Kung tatawagin mo siyang patutot, sa personal, ipadadakip ka niya. Gagawin nga niya. Hindi ako nagsasalita nang personal tungkol sa kanino man. Nagsasalita ako tungkol sa kasalanan. Hindi ko sinasabi, "*Itong ganitong iglesya, si G. Ganito-at-ganoon* doon, si Rev. *Ganito-at-ganoon*, ay isa siyang..." Hindi, hindi. Sinasabi ko iyan, ang doktrina niyan, kita n'yo, ang kabuuan ng naturang bagay. Hindi ko binabanggit ang indibidwal. Hindi ito mga indibidwal. Ito ay ang sistema kung saan sila naroroon. Ito'y ang sistema ng sanlibutan.

⁸¹ Si Kapatid na George Wright na nakaupo rito ay... Pitumpu't limang taong gulang na siya o pitumpu't walong taong gulang na, sa palagay ko. Ano kaya sa palagay mo ang nangyari kung pumaroon ka noon at nakita si Kapatid na babaeng Wright isang araw, at nakatayo siyang nakasuot ng shorts? Aba, hindang-hindi mo, iyong—kundi'y ipinakulong mo na 'yung babae. Tiyak na hindi mo na siya pinakasalan. Buweno, kung ang sinumang binata noong panahong iyon ay tiyak na ginawa iyon, ganoon din tiyak ang nangyari. Buweno, kung kasalanan ito at mali na noon pa, ganoon pa rin ito; ngunit naging grabe na ang pagkabaliw ng mga tao.

⁸² Hayaang magpropesiya ako ng isang bagay sa inyo, bago lamang ito mangyari. Ang buong mundo ay nagpapangkat-pangkat na sa kabaliwan, at magiging palubha na ito nang palubha nang palubha, hanggang sa maging mga grupo na sila ng mga baliw. At halos ganoon na nga ngayon.

⁸³ Maiisip n'yo ba ang isang lalaking nagmamaneho na nakapatay ang ilaw niya, sa maling panig ng kalsada; isang ricky, isang bata, na ipinapalagay na katatapos lang sa mataas na paaralan, papatay ng ilang katao. Pumipigil ba iyon sa kanila? Ang isa pang kasunod ay paparating mismo sa likuran niya, na ganoon din ang ginagawa. Maiisip n'yo ba ang isang binata na iniisip ang anumang sarili... anuman sa kanyang sarili, nagpupunta dito at ginagawa kung ano ang ginagawa nila?

⁸⁴ Maiisip n'yo ba ang isang kabataang babae, at isang nasa pagsisimula ng pagdadalaga, maganda, maganda ang pangangatawan, mahubog, kaakit-akit, ang mukha, maganda;

at ang mismong pagiging maganda niya ay nagpapakitang nasa huling panahon na tayo. Kita n'yo, nauwi na siya nang lubusan sa itsurang makamundo, makamundong mga bagay at hindi ang kagandahan ng kabanalan, ang pagiging magiliw na nasa kanyang kaluluwa. Nakakita na ako ng mga kababaihan, na sa panlabas nila ay walang anuman para pagmasdan, pero makipag-usap ka sa kanila nang minsan, makipag-usap ka sa kanila nang ilang sandali, sila ay totoong tunay na bagay na hindi mo maiiwanan. Kita n'yo, ang kagandahan sa panlabas ay sa diablo, sa sanlibutan ito.

⁸⁵ Tingnan n'yo ang mga anak ni Cain, kung paanong napunta sila rito. "Noong nakita ng mga anak ng Diyos na magaganda ang mga anak na babae ng tao, nangagsikuha sila ng kani-kanyang asawa," at hindi sila kailanman pinatawad ng Diyos.

⁸⁶ Tingnan, noong 'yung mga kababaihang Israelita na—na nangangapal na sa kalyo ang mga kamay, at ang buhok buhul-buhol na; noong dumaan ang mga anak ng Diyos sa lupain ng Moab, at nakasalubong ang mga naggagandahang babaeng iyon na nakaayos nang husto ang buhok, at magara, at maraming manikyur sa mga mukha nila, o anuman ang tawag n'yo rito; at noong makita ng mga anak na lalaki ng Diyos 'yung talagang magagandang babaeng iyon, sinabi ng isang bulaang propeta, "Pare-pareho lang tayo." [Tinuktok ni Kapatid na Branham ang pulpito nang anim na beses—Pat.] At nakipag-asawahan sila sa mga ito, at hindi sila kailanman pinatawad ng Diyos.

⁸⁷ Nangamatay sila sa ilang. Bawat isa sa kanila'y namatay doon, nang walang pag-asa, nang walang Diyos, at Walang Hanggang napahamak; nahatulan na magpakailanman, bagama't nakita na nila ang kabutihan ng Diyos, bagama't nakainom na sila sa bukal na hindi kailanman natutuyuan. Nakainom na sila mula sa hinampas na bato. Nakita na nilang gumawa ng mga kababalaghan ang tansong ahas. Lumabas sila sa ilalim ng pagbabautismo ni Moises sa dagat. Nakita na nila ang kamay ng Diyos. Nakakain na sila ng pagkain ng Anghel, at nagawa na nila ang lahat ng mga bagay na iyon. Ngunit nakipag-asawahan, hinayaang dalhin sila ng mga kababaihan, at makipag-asawahan sa mga ito. Na hindi nakipangalunya, nakipag-asawahan lang sa mga ito; hindi iyon kailanman pinatawad ng Diyos.

⁸⁸ Pangalawang beses na iyan na nagtagpo ito. Ngayon ay heto na tayo sa ikatlong pagkakataon, na ngayo'y mas mapanlinlang pa kaysa noon pa man.

⁸⁹ Alam kong mabigat iyan. At madalas akong nag-iisip, sa maraming paraan, kung paano na nga ito? Bakit kailangan kong magsalita nang deretsahan sa mga tao? Ano ang nagpapaging ganoon? At ganoon pa man, napapansin ko, na kung hindi iyon ang Diyos, walang sinuman, wala ni isa mang babae

ang mauupo't makikinig sa akin. Ngunit bumabalik sila, dahil mayroong may taglay na munting angkla ng Katotohanan diyan, na nakakaalam na tama Iyan. Kahit anupaman, alam nilang tama Ito. Ngayon masdan kung anong nangyayari. Alam kong mabigat ito.

⁹⁰ Para ba itong kapag binigyan ka ng doktor ng gamot, at tumanggi kang inumin ito, kung ganoon huwag mong sisihin ang doktor kapag namatay ka. At kagaya Ito ng gamot. Paano naman itong mga taong laging nagsasabing galit daw ako sa kababaihan?

⁹¹ Nakita n'yo, pagmasdan n'yo lang kung paano kumikilos ang mga kababaihan, at ipakikita ko sa inyo kung saan na naroon ang iglesya. Ang moral ng mga kababaihan sa Laodicea, sa sanlibutan, sa pisikal, ay "hubad, maralita, bulag, at hindi ito nalalaman," ng—ng mga tao, ng mga kababaihan ng sanlibutan. At nasa ganoon ding yugto ang iglesya. Pagmasdan ang natural na tumitipo sa espirituwal, sa lahat, sa tuwina. Ngayon, balang araw sa Paghuhukom . . .

⁹² Alam kong hindi katanggap-tanggap na sabihin iyon. At kung hindi itinalaga ang isang tao na sabihin iyon, mas maiging huwag mo nang sabihin iyon; dahil nanggagaya ka lang, at kung ganoon mapapasama ka, tiyak na tiyak.

⁹³ Ngayon pansinin. Sa katunayan nagawa ko nang, para bang, sa mga pagkakataon, na pangangahin ang bibig ng isang babae at ibinuho ang Gamot sa bibig niya, at pagkatapos ay itinakip ang kamay ko sa bibig niya, at idudura naman niya Ito sa tuwina. Ano kaya kung ginawa iyon ng doktor sa isang pasyente, pagkatapos ay namatay ang pasyente dahil ayaw nilang lunukin ang gamot? Sa Paghuhukom, kapag ang lahat ng mga bagay na ito katulad ng pagpuputol ng buhok at pagsusuot ng shorts at . . .

⁹⁴ Nagtatayo lang ako. Malapit na ang oras kung kailan makikita n'yo ang isang bagay na magaganap, kung kailan may mangyayaring bagay. At ang lahat nitong mga kaganapan dito ay paglalagay lamang ng pundasyon para sa isang maikli't, mabilisang Mensahe na yayanig sa lahat ng mga bansa.

⁹⁵ Kung bakit ko pinupuna ang mga kababaihan, ipinupundasyon lamang ito rito para sa isang bagay na mapatatamaan mo ito doon mismo sa ulo, na gamit ito. Sinasabi pa nga sa kanila kung ano ang tama. At idinidiin ko ang isang kamay nang *paganito*, na para bang ito ang bibig, at idinudura nila Ito. Kung ganoon sinong maninisi sa doktor?

⁹⁶ Paano kayo makapagsasabi, sa Araw ng Paghatol, gayong ang mga tinig mismo na sumigaw laban dito, ay iparirinig ang rekord sa harapan mismo ng mga tao? Kung ganoon paano pa nila matatakanan iyon?

⁹⁷ Iniluluwa Ito sa pagitan ng iyong mga daliri. Dagdagan pa ang ipinapainom, pagkatapos sa huli iiling ang ulo nila at mariin na tatangi, at kung uulitin, ayaw inumin iyon. Ganoon pa man, babalikan mo at ipapainom pa nga Itong muli. Kung ganoon sino ang dapat sisihin? Hindi ang doktor, hindi ang Gamot, kundi ang pag-uugali nung tao. Talagang ganun nga. Darating ang kakila-kilabot na araw, isa sa mga araw na ito, kapag ang makasalanang lahing ito na mapangalunya ay tumayo na sa harapan ng Diyos na Makapangyarihan sa lahat.

⁹⁸ Nakikita ko nang tuluy-tuloy akong tumatanda, nahuhukot na ang mga balikat ko; at, alam kong, tatlumpung taon na rito sa entablado ng ito, oo, tatlumpu't tatlong taon dito sa larangan. Iyan ay isang mahabang buhay. Iyan ay tatlumpu't tatlong taon na ng paglilingkod. Isa lang ang pinagsisisihan ko; na wala akong isandaan at tatlumpu't tatlong taon nito. Dahil ito na ang huling pagkakataong mayroon ako, habang naritong mortal, upang ipangaral ang Ebanghelyo. Tulungan nawa ako ng Diyos na tumayong totoong tapat sa abot ng makakaya ko, sa Salitang iyan, at salitain kung ano lamang ang sinasabi Niya.

⁹⁹ Ano ang nagpaging sa babaeng Methodist na iyan... Paano mo man lang maipapaabot iyon sa kanya? Heto siya, sa Kapanahunang ito ng Iglesyang Laodicea.

¹⁰⁰ Ngayon pag-usapan naman natin ang babaeng Pentecostal. Hindi siya dapat magsuot ng shorts, mag-make-up, o magputol ng kanyang buhok, pero lumilingon siya doon sa Methodist, sinasabi, "Tingnan mong ginagawa ng babaeng iyan 'yung *ganito-at-ganoon!*" Sabihin nang di nagsusuot ng shorts 'yung babae, ngunit sinasabi niya... at siya mismo ay may maikling buhok. Kita n'yo?

¹⁰¹ Habang papataas ka nang papataas sa Diyos, lalong nagiging makasalanang tingnan ang buong bagay na 'yon. At tapos minsan, sa pananalangin, makikini-kinita mo, kapag iniangat ka ng Banal na Espiritu sa isang kalagayan, kung magkagayon ang buong bagay ay napakagulong tingnan. Tapos pagbalik mo sa ibaba, tila ba ika'y, sa mga tao, isang tampalasan, na ika'y—wala kang iba kundi isang matandang mapangutya. Isa kang hangal, dahil tumatayo kang gaya ng isang matandang magagalitin at palaging sinasaway ang mga tao. Ngunit kung makaakyat lang kayo sa mga matataas na kalagayang iyon minsan, kung saan maaari kayong mapasa Presensiya ng Diyos (hindi sa pamamagitan ng emosyon, kundi sa pamamagitan ng tunay na pagtataas ng Banal na Espiritu), ang buong bagay ay nakasulat, "ICHABOD." Ang Kaluwalhatian ng Panginoon ay umalis na sa lahat na makadenominasyong grupo. Tama iyon. Wala ni isang tama diyan sa kanila.

¹⁰² Hayaang ipagguhit ko kayo ng isang maliit na bilog. Kung may pisara ako... Ngunit gusto kong pagmasdan ninyo rito.

[Iginuguhit ni Kapatid na Branham ang sumusunod na mga hugis bilog sa isang bagay—Pat.] Gagawa ako ng isang bilog nang *paganito*, at gagawa ako ng isa pang bilog sa loob ng bilog na iyan, dalawa na 'yan, pagkatapos ay gagawa ako ng bilog sa loob ng bilog na iyan. Tatlong pabilog na iyan, tatlong bilog. Ngayon, kayo 'yan.

¹⁰³ Iyan ang Diyos. Ang Diyos sa isang trinidad ay Iisa, at kung walang trinidad ay hindi Siya Diyos. Hindi Siya maaaring mahayag sa iba pang paraan.

¹⁰⁴ At maging ikaw ay hindi rin maaaring mahayag nang hindi sa isang trinidad na katauhan na siyang ikaw, iyan ay: katawan, espiritu, kaluluwa. Kung wala ang isa man sa mga iyan, hindi ka kumpleto. Kita n'yo? Kung wala kang kaluluwa, magiging wala ka; kung wala kang espiritu, magiging wala ka; kung wala kang katawan, magiging espiritu ka lang, hindi isang katawan.

¹⁰⁵ Kaya, ang Diyos ay buo sa tatlong-kaisahan ng isang Persona; hindi tatlong-kaisahan ng *mga persona*, kundi Iisang Persona sa isang tatlong-kaisahan. Ang Ama, Anak, at Espiritu Santo ay ang nag-iisang nahayag na Diyos. Ang Diyos!

¹⁰⁶ Pansinin dito, maghintay lamang, ako—palagay ko binasa ko na ito ilang minuto pa lang ang nakararaan. Pakinggan ninyo ito.

*. . . sa anghel ng iglesia sa . . . Laodicea ay isulat mo;
Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng Amen, ng saksing
tapat at totoo, ng pasimula ng paglalang ng Dios;*

¹⁰⁷ Ang Diyos ang Manlilikha. At paano Siya nalikha? Ngunit ito ay “ang pasimula ng paglalang ng Diyos.” Noong ang Diyos, ang Espiritu, ay nilikha sa anyo ng isang Tao, iyon ang Diyos na nilalalang noon; ang Diyos na Manlilikha, Siya Mismo, ay naging isang nilalang. Ang Diyos, na Siyang gumawa ng lupa, gumawa ng calcium, gumawa ng potash, ng kosmikong liwanag, ng mga petrolyo, ay pinagsama-sama ang naturang bagay at nilikha ang Kanyang Sarili, doon “sa pasimula ng paglalang ng Diyos.”

¹⁰⁸ “Ang Amen,” ang pangwakas. Ang *amen* ay nangangahulugang “siya nawa.” “Ang pangwakas ng Diyos,” nang makumpleto ang Diyos sa Kanyang nilikha.

¹⁰⁹ Ngayon, paanong nagkaganoon? “Walang taong nakakita kailan man sa Diyos, kundi ang bugtong na Anak ng Ama ang naghayag sa Kanya.” Nakuha n'yo?

¹¹⁰ Teka, saglit lang, huwag kayong magmadali. Buksan natin sa Mga Taga Colosas, saglit lang. Mangyaring ako . . . naalala ko ang isang Kasulatan. Buksan natin sa Mga Taga Colosas, ang Aklat Ng Mga Taga Colosas, at kunin ang . . . sa tingin ko'y iyon ang unang kabanata. Kinakailangan ko itong tingnan, dahil hindi ito kasama sa naihandang rito. Kaya ako'y . . . Gaya ko dati, noong bata pa akong mangangaral, nagagawa kong matandaan ang

mga bagay na ito [Pinalalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang daliri—Pat.] kaagad-agad ngayon, pero habang ako'y tumatanda na ay hindi ko na magawa. Mag-umpisa tayo sa ika-9 na talata, sa palagay ko. “Dahil dito . . .” Sinasabihan ni Pablo ang mga taga-Colosas tungkol kay Cristo, kung Sino Siya.

Dahil dito’y kami naman, mula nang araw na aming marinig ito, ay hindi kami nagsisitigil ng pananalangin, at . . . paghingi na patungkol sa inyo, upang kayo’y puspusin ng buong kaalaman ng kaniyang kalooban, sa buong karunungan ng espiritu at pagkaunawa,

Upang kayo’y magsilakad ng nararapat sa Panginoon sa buong ikalulugod niya, at magsipamunga sa bawa’t gawang mabuti, at sa paglago sa kaalaman ng Diyos;

Na kayo’y palakasinhahat . . . ayon sa kalakasan ng kaniyang kaluwalhatian, ng pagtitiis at pagpapahinuhod na may galak;

Na nagpapasalamat sa Ama, na minarapat . . . na nagpaging dapat sa atin . . . upang makabahagi sa mana ng mga banal . . .

Na siyang nagligtas sa atin sa kapangyarihan ng kadiliman, at naglipat sa atin sa kaharian ng Anak ng kaniyang pagibig;

111 Dito papunta na tayo ngayon. Pagmasdan.

Na siyang kinaroroonan ng ating katubusan sa pamamagitan ng kaniyang dugo, na siyang kapatawaran ng ating kasalanan:

Na siya ang larawan ng Dios na di nakikita, . . .

112 Nakuha ba ito? Ika-15 talata, Mga Taga Colosas 1:15.

. . . ang panganay ng lahat ng mga nilalang:

113 Amen! Ang ano? “Ang panganay ng lahat ng mga nilalang.” Maging ito man ay Anghel, maging ito ay kung ano pa man; Siya ang panganay ng lahat ng mga nilalang.

Sapagka’t sa kaniya nilalang ang lahat na mga bagay—nilalang ang lahat na mga bagay, sa sangkalangitan, o . . . sa sangkalupaan, na mga bagay na nakikita . . . bagay na di nakikita, maging mga luklukan, maging ang mga ito ay pagsakop, . . . mga pamunuan, . . . mga kapangyarihan: lahat ng mga bagay ay nilalang sa pamamagitan niya, at ukol sa kaniya:

114 [Huminga nang palabas si Kapatid na Branham, na nagpanginig sa mga labi niya—Pat.] Maging ito ay kung ano pa man; wala nang iba pang nilalang! Pansinin, “At sa . . . At siya kung gayon . . .”

. . . siya’y una sa lahat ng mga bagay, at ang lahat ng mga bagay ay nangabubuhay dahil sa kaniya.

115 Maging ito man ay Ama, Anak, Espiritu Santo, kung ano man ito, “Siya’y una sa lahat ng mga bagay.” “Una sa lahat ng mga bagay sa Sangkalangitan, sa sangkalupaan; nakikita, di nakikita, o anumang bagay,” itong Anak ng Diyos ay una sa lahat ng mga bagay. Tama ba? Hindi mahalaga sa akin, kung ito man ay mga luklukan, mga pagsakop, anuman ito; Makalangit na mga luklukan, mga kaharian, ano pa man ito sa mga dakilang kalagayang supernatural na dako roon, sa mga Kawalang-Hanggan kung saan naroon ito; ano pa man ito, mga Anghel, mga diyos, ano pa man ito, “Siya’y una sa lahat ng mga bagay.” Amen! Hindi n’yo ba Siya nakikita? “Siya’y una sa lahat ng mga bagay; at nilalang sa pamamagitan Niya. Siya . . .” Ang ika-17 talata.

At siya’y una sa lahat ng mga bagay, at ang lahat ng mga bagay ay nangabubuhay dahil sa kaniya.

116 Walang anumang makapagpapatakbo nito kundi Siya. Maging ito man ang Diyos Ama, Diyos Espiritu Santo; maging ito man ay ang mga Anghel, mga pamunuan, mga kapangyarihan, mga pagsakop; anuman ito, ang lahat ng bagay ay tumatakbo sa pamamagitan Niya. “Ang lahat ng mga bagay ay nangabubuhay dahil sa Kanya.” Siya!

At siya ang ulo ng katawan, sa makatuwid baga’y ng iglesia: na siya ang pasimula—na siya ang pasimula, ang panganay sa mga patay (iyon ay, ang ibangon kung ano ang ipinarito Niya upang tubusin); upang sa lahat ng mga bagay, ay maging pangunahin siya.

117 “Upang maging pangunahin,” alam n’yo ba ang ibig nitong sabihin? ’Yun ay, “pinakamataas sa lahat.” Pinakamataas Siya sa lahat ng mga bagay na kailanma’y nalikha; sa bawat Anghel, sa bawat nilalang, sa bawat—sa bawat bagay na mayroon. Pinakamataas Siya sa lahat ng bagay. Anong Nilalang Ito? Sino kaya ito? Pinakamataas sa lahat ng mga bagay! “At pinapayapa . . .” Tingnan natin, sandali lang. Panguna- . . .

Sapagka’t minagaling ng Ama na ang buong kapuspusan ay manahan sa kaniya;

118 “Ang buong kapuspusan ng lahat ng mga bagay.” Ang buong kapuspusan ng Diyos, ang buong kapuspusan ng mga Anghel, ang buong kapuspusan ng panahon, ang buong kapuspusan ng Walang Hanggan; ang lahat ng bagay ay nananahan sa Kanya. Iyon ay itong Nilalang na ito.

At, sa pamamagitan niya ay pakipagkasunduin sa kaniya ang lahat ng mga bagay, na pinapayapa niya sa pamamagitan ng dugo ng kaniyang krus; sa pamamagitan niya, sinasabi ko, maging mga bagay sa kalupaan, o mga bagay sa sangkalangitan.

119 Hayan ang dakilang Nilalang na pinag-uusapan natin, “Ang pasimula ng paglalang ng Diyos.”

¹²⁰ Ngayon, ngayon iyan, ang Iglesya, na ang Kanyang pinaka buong layunin ay ang Iglesya. Ngayon paano tayo nakapapasok sa Iglesyang ito? “Sa pamamagitan ng isang Espiritu ay binautismuhan tayong lahat tungo sa isang Katawan,” ang Iglesya, ang Katawan ni Cristo. Hindi ito maaaring mabigo.

¹²¹ Ngayon, heto ang nangyayari. Ngayon pagmasdan ito, isang munting larawan lang ng paghahalintulad dito. [Ipinakikita muli ni Kapatid na Branham ang Kanyang iginuhit na tatlong bilog—Pat.]

¹²² Ngayon, itong taong panlabas ay ang laman. Iyan ang tinitingnan natin; kung ano ang nakikita natin. At may lima itong pasukan sa katawang iyan. At alinmang bata sa paaralang gramatika, gaya ng sarili ko, ay alam na may limang pandama na kumokontrol sa katawan; paningin, panlasa, pandamdang, pang-amoy, at pandinig. Kung wala iyan, hindi mo mahihipo ang katawan. Iyan lang ang tanging daang mayroon ka tungo sa katawan; paningin, panlasa, pandamdang, pang-amoy, pandinig; nakikita mo ito, nalalalahanan ito, nararamdaman ito. . . . Ngayon, iyan 'yung masama, ang nasa labas.

¹²³ Ngayon, sa loob niyan ay isang espiritu, na nagiging ikaw kapag isinilang ka na sa mundo at hiningahan siya ng hininga ng buhay. Ang espiritung iyan ay sa kalikasang makamundo dahil hindi iyan ibinigay na mula sa Diyos, kundi ito ay (ibinigay) ipinahintulot ng Diyos. Ngayon nakuha n'yo ba iyon? Dahil, bawat batang isinilang sa sanlibutan, “ay ipinanganak sa pagkakasala, inanyuhan sa katampalasanan; dumating sa sanlibutan na nagsasalita ng mga kasinungalingan.” Tama ba? Kaya, ang taong iyan, sa loob niyan, ay isang makasalanan, sa umpisa pa lang. Ngayon, ngunit. . . .

¹²⁴ Ngayon, may lima itong pasukan. At ang limang pasukang ito. . . . Hindi ko alam kung mababanggit ko agad ang mga iyon ngayon. Kapag ang. . . . Una, sa pagkakaalam ko, ay kaisipan, konsiyensya, at pag-ibig, pagpili. . . . Hindi. Konsiyensya, pag-ibig, pangangatwiran. . . . May limang pasukan sa espiritu. Hindi ka maaaring mag-isip na gamit ang iyong katawan; kailangan mong mag-isip sa pamamagitan ng iyong espiritu. Hindi ka maaaring magkaroon ng konsiyensya sa iyong katawan. Wala itong kaisipan man lang; ang iyong katawan ay wala ngang ganun, kaya kailangan mong mag-isip sa pamamagitan ng iyong espiritu. Kailangan mong mangatwiran. Hindi ka maaaring mangatwiran na gamit ang iyong pisikal na katauhan, dahil ang katuwiran ay hindi nakakakita, nakakalasa, nakakaramdam, nakakaamoy, o nakakarinig. Ang pangangatwiran ay kung ano ang magagawa mo sa iyong isipan. Kung tulog ka o wala kang malay, nakahimlay roon ang katawan mo na patay, ngunit kaya pa ring mangatwiran ng iyong espiritu. May limang pandama na kumokontrol diyan sa taong panloob. At iyan. . . .

125 Ngayon, sa huling tao, na siyang kaluluwa, may iisang pandama lamang na kumokontrol diyan, at iyon ay malaya. . . malayang pagpapasya ng isipan upang pumili at tumanggi.

126 At ngayon ang dahilan kaya ang mga tao sa panahon ngayon. . . Ngayon, huwag n'yo itong kalimutan ngayon, at inyong—makikita ninyo kung ano ang Banal. . . kung ano ang paunang katibayan ng Banal na Espiritu. Kita n'yo?

127 Ngayon, maaaring mabuhay ang mga tao dito sa espiritu, at sumasayaw sila sa espiritu. Sumisigaw sila sa espiritu. Nagtutungo sila sa bahay-sambahan sa espiritu, at maaari ngang ganap na mapasa kanila ang tunay na Espiritu ng Diyos na naipahid sa espiritung iyon, ngunit mapapahamak pa rin at lubos na naalihan na ng demonyo, sa espiritung iyon.

128 Dahil, masdan, 'yan ang dahilan kung bakit hindi mo puwedeng sabihan ang babaeng iyon, na ang pagsusuot niya ng shorts, ay mali. Hindi mo siya maaaring sabihan na ang pagpapaputol sa kanyang buhok ay mali. "Buweno, ano ba ang kaugnayan ng buhok mo dito?" Buweno, mayroon nga ito kay Samson. Kita n'yo?

129 "Sino man ang magdagdag ng isang salita Dito, o mag-alis ng isang Salita mula Rito." Dapat kang magkaroon ng pinaka-ultimo sa kung saan man.

130 Ngayon, halimbawa, kung ako ay isang—isang—isang—isang lalaking Baptist, at lumapit ka't sinabi sa akin na ako dapat—dapat akong mabautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo; na nasa Biblia iyon. Buweno, malalaman mo na lang, sasabihin ko, "Itatanong ko sa pastor ko."

131 At pupunta ako sa pastor; sasabihin naman niya, "Oh, 'yan ay bagay na noon pa, alam mo. Oo, alam mo, tayong mga Baptist, heto ang paniniwala natin; naniniwala tayong dapat tayong ilubog sa mga titulong 'Ama, Anak, Espiritu Santo.' Ganoon itong ginawa ng lahat ng mga iglesya. Mula nang itatag ito ni John Smith, ganoon na ito isinasagawa." Buweno, 'yun ang iyong pinaka-ultimo. "Ano ba naman ang sinasabi ng lalaking 'yun!"

132 Ano naman kaya kung isa kang Methodist, at pagwiwisik ang sistema mo, at sinabihan kang kailangan mong mailubog? Nakikita n'yo ba ang ibig kong sabihin? Babalik ka sa Methodist na pastor, at susulat siya't tatanungin ang obispo, kung si *ganito-at-ganoon* ay nagsabing *ganito-at-ganoon* tungkol sa *ganito*. "Ngunit tayo, ang iglesyang Methodist, itinatag tayo tatlo o apat na raang taon na ang nakararaan, sa Inglatera, ni John Wesley, at ni Whitefield, at ng lahat na ng iba pa sa kanila doon, at ni Asbury. Pinasimulan namin ang dokumentong ito, na sinusunod si John Wesley, na tayo dapat ay wisikan, dahil panlabas lamang itong emo-. . . anyo. At sa palagay namin ang pagwiwisik ay kapareho lang ng ibang paraan." Kung tunay kang. . . Kung ang

iglesyang Methodist ang iyong pinaka-ultimo, hanggang diyan ka na lang.

¹³³ Kung isa kang Katoliko . . . At sasabihin ko sa iyo, na wala sa Biblia na di ka dapat kumain ng karne tuwing Biyernes, at lahat ng mga bagay na itong gaya nito, “at ang Banal na Eukaristiya ay hindi ostiya, dahil ito ay Espiritu,” at iba pa. At pupunta ka sa iyong pari, sasabihin ng pari, “Heto ito, nakasulat mismo sa ating dokumento.” At kung ang iglesya ang iyong pinaka-ultimo, wala kang pakialam anuman ang sinasabi ninuman. Iyon na ang iyong pinaka-ultimo.

¹³⁴ O Diyos, tulungan Mo pong ganap na maunawaan ito! Sa akin, mali ang buong naturang bagay. Ang Salita ng Diyos ang pinaka-ultimo. Anuman ang sabihin ng Salita na iyan, kung ganoon ay tama 'yon.

¹³⁵ Ngayon, ang tanging daan patungo sa itaas rito sa mga kalagayang ito, na maaari kang mapasa kalagayan nitong munting panloob na tao; at kailangang naitalaga ka. Dahil sa kasama ka noon pa ng Diyos, bahagi ka ng Diyos.

¹³⁶ Ako ay nasa aking ama noon. Ako naman ay nasa aking lolo rin noon, at sa lolo ng lolo ko. Sa pagiging binhi, ay naroon na ako.

¹³⁷ At na kay Cristo na ako noon pa. Kayo ay na kay Cristo na bago pa man ang pagkatatag ng sanlibutan. Dumating Siya upang tubusin ang Sariling Kanya, ang Sariling Kanya na nasa Kanya na noon pa. Aleluya! Ang mga anak Niyang nasa Kanya na noon pa!

¹³⁸ Hindi Siya dumating upang—upang iligtas ang mga anak ng diablo. Hinding-hindi nila Ito makikilala. At napakatalino nila sa mga paraan ng kanilang kaalamang intelektuwal, na hindi mo man lang sila mapapantayan. Hindi mo sila masasapawan sa pananalita. Ngunit, sa pamamagitan ng pananampalataya ay nakikita mo Ito.

¹³⁹ Ngayon, hindi nangangailangan ang siyensiya ng anumang pananampalataya. Pinatutunayan ng siyensiya ang sinasalita nila. Hindi ito nangangailangan ng anumang pananampalataya.

¹⁴⁰ Sasabihin sa iyo ng paring Katoliko, “Tingnan mo kung gaano na katagal ang pagpupunyagi ng iglesyang Katoliko. Tingnan mo kung gaano na siya katagal nanatili sa ilalim ng mga pag-uusig ng paganismo.”

Sinasabi ng iglesyang Methodist, “Tingnan dito kung gaano na katagal. . .”

¹⁴¹ Nakita ko ang isang iglesya . . . isang mapagpaimbabaw na tanda nga naman; sa pagdaan ko sa lansangan kahapon, na nakita ko. Sabi, “Ang iglesya ni Cristo, itinatag noong A.D. 33.” Wala pa nga itong isandaang taon, kita n'yo, ang naturang denominasyon. Oh, naku! “Aral ng mga apostol”? Halos wala pa

nga kahit ano. Sila ang mga Saduceo ng panahong ito; walang Espiritu, walang . . . At hindi mo sila masabihan; hindi mo sila makausap; hindi mo magawang makipangatwiran sa kanila.

¹⁴² Dahil, nilalampanan natin ang pangangatwiran. “Huwag kang manalig sa iyong sariling kaunawaan.” Hindi nangangatwiran ang pananampalataya man lang. Pinaniniwalaan Ito ng Pananampalataya.

¹⁴³ Sinasabi nila, “Ngayon, tingnan mo rito, naniniwala ka bang kailangan pa nating gawin itong noon pang mga bagay? Walang kabuluhan! Iyan . . .”

¹⁴⁴ Ngunit sinabi nga ng Biblia. Hindi ko maipaliwanag kung paano ito nangyayari, ngunit nangyayari ito. Sinabi nga ng Diyos. Kaya hindi n’yo na kailangan . . . Wala akong masasabing anuman sa inyo tungkol dito. Hindi Ito ipinaliliwanag ng pananampalataya. Alam n’yo ba ’yon? Sadyang pinaniniwalaan lang Ito ng pananampalataya.

¹⁴⁵ Sinabi ni Jesus kay Nicodemo, mula sa San- . . . konsehong ekumenikal ng Kanyang panahon; pumunta sa Kanya nang gabi, sabi, “Panginoon, nalalaman naming Ikaw ay isang Guro na mula sa Diyos, pagka’t walang makagagawa ng mga bagay na Iyong ginagawa, maliban na kung sumasa kanya ang Diyos.”

¹⁴⁶ Sabi Niya, “Katotohanang, sinasabi ko sa iyo, ‘Maliban na ang tao ay ipanganak na muli, ay hindi niya makikita ang Kaharian ng Diyos.’”

¹⁴⁷ Sabi, “Ako, na isang matanda na, papasok pa sa sinapupunan ng aking ina, upang maipanganak?”

¹⁴⁸ Sabi Niya, “Ngayon paano Ko sasabihin sa iyo ang mga Makalangit na bagay, gayong hindi mo man lang pinaniniwalaan ang mga panlupang bagay?” Kita n’yo?

¹⁴⁹ Pagkatapos sabi Niya, isang araw, “Malibang kanin ninyo ang laman ng Anak ng Tao, inumin ang Kanyang Dugo, wala kayong Buhay sa inyo.” Hindi Niya ’yon ipinaliwanag.

¹⁵⁰ Ang mga apostol na iyon at sila nang panahong iyon, na itinalaga sa Buhay; alam Niya iyon. Sabi, “Ang lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay lalapit. Hindi kailangan mo lang gawin ay ipakilala lang ang Aking Tinig; nakikilala nila ito, sapagkat nakikilala ng Aking Tupa ang Aking Tinig.” At ang tinig ay isang salitang naipangusap. [Blangkong bahagi sa teyp—Pat.] “Sinampalatayanan pa rin nila Ito, ganun pa man. Hindi nila kailangang patunayan sa pamamagitan ng siyensiya ang anuman, o magtanong sa kaninumang Saduceo o Fariseo, o ano pa mang ibang bagay, patungkol rito. Sinabi Ko ito, sinampalatayanan nila ito, sapagkat dinirinig ng Aking tupa ang Aking Tinig.”

151 At *Ito* ang Tinig ng Diyos sa anyong sulat, dahil *Ito* ang buong kapahayagan ni Jesus Cristo, ang Luma at Bagong Tipan na pinagsama pareho. Amen. Hayan na.

152 Bakit? Sasabihin n'yo, "Mabubuting tao ang mga ito. Ano ang nagpapaging sa kanila . . ." Dahil, isang bagay, ang kanilang taliang haligi ay sa isang iglesya. At dito . . . Naaalala ba ninyo noong sa nakaraang Linggo, isang linggo na ang nakaraan; ilan ang nandito at narinig ang sermon tungkol sa *Ang Mga Pinahiran Sa Mga Huling Araw*? Sa palagay ko'y lahat kayo. Kita n'yo, mga pinahiran sila. Pinahiran ang mga espiritu nila, *dito* sa ikalawang kalagayang pantao.

153 Ngayon, sinasabi ng unang babae na iyan . . . Hindi, wala siyang pakialam maging ano pa man ang sinasabi ng iglesya, maging ano pa man ang sinabi ng iba. Siya'y napakagaling. Nakapag-kolehiyo siya. Kaya niyang itago 'yun sa kanyang asawa, at inaakalang magaling siya sa paggawa niyon.

154 Ito namang isang babae ay "hubad, bulag, at hindi ito nalalaman." Oh, nakakaawa, pero 'yan ang larawan na ipinipinta sa atin ng Biblia. Ngayon, nagsisimba siya. Ang babaeng iyon, magiging mas maigi pa marahil, 'yung babaeng iyon ay magiging . . . Namumuhay siya nang mabuti, malinis na pamumuhay; wala namang minamasama diyan. Ang Diyos ang magiging Tagahatol nito. Hindi ko alam; hindi ako ang Tagahatol.

155 Ako lang ang . . . mananagot sa kung ano ang ipinapakita Niya sa akin. Iyon ang sinabi ng mga apostol. "Sinasalita nga namin kung ano ang aming nalalaman, kung ano ang aming narinig, kung ano ang aming nakita." Iyon lang ang pananagutan ko. Iyon lang ang pananagutan ninyo.

156 Ngunit ngayon, nakita n'yo, kung titingnan ninyo ang babae ring iyon . . . Saan siya nauwi? Kita n'yo? Nagpalipat-lipat siya mismo. Nakarinig siya, walang duda; nabuksan niya ang radyo, nang maraming beses. Nakapangusap na ang Tinig ng Diyos, nang maraming beses. Buweno, ngayon, kita n'yo, nagpunta siya dito sa kultong ito, isang grupo. Lahat ng mga iglesya ay mga paggru-grupo-grupo. Lahat na, talagang tama 'yan, mga samahan lang sila kung saan nagsasama-sama ang mga tao bilang pakikipagmiyembro. At aanib siya sa banda rito; buweno, akmang-akma lang iyon sa kanya. Ngayon kung sasabihan mo siya kung ano ang kailangan niyang gawin, hindi siya makikinig sa 'yo. Ipakita mo iyon sa kanya sa Biblia; hindi niya Ito pakikinggan.

157 Ngayon, mahal kong kapatid na lalaki, kapatid na babae, isa o dalawang komento na lang bago magtapos. Labinlimang minuto hanggang sa, oras na para magpauwi; labinlimang minuto.

158 Ngayon tingnan, may gusto akong itanong sa inyo. Bakit hindi iyon makita ng babaeng iyon? Bakit hindi niya makita? Sa pakikipangalunya sa pisikal, sa kanyang asawa, wala siyang sala; wala siyang dapat aminin. Malinis siya gaya nang araw na siya'y isinilang; walang lalaking nakahipo sa kanya.

159 Nangungusap ako sa pagtutulad ngayon, sa babae, sa iglesya. Kasing linis siya gaya nang siya'y isinilang. Buweno, ganyan na ganyan ang iglesya, gaya nang isilang siya, ngunit siya ay "ipinanganak sa pagkakasala, inanyuhan sa katampalasanan, dumating. . ." Nakita n'yo ba ang ibig kong sabihin?

160 Ngayon sabihan mo siyang mali para sa kanya na putulan ang kanyang buhok; sinabi nga ng Biblia. Mali para sa kanya na isuot ang mga shorts na 'yan; sinabi nga ng Biblia. Sasabihin niya, "Walang kabuluhan." Bakit? Ang pinaka-ultimo niya ay hindi sa banda *rito*, sa ikatlong taong iyan, sa kaluluwang itinalaga at nagmula sa Diyos. Kundi ang pinaka-ultimo niya ay nasa isang organisasyon *dito*, na inorganisa ng isang kung sinong tao na labas Rito. Kita n'yo?

161 Ngunit kung ang Salita ng Diyos ay naroroon sa kaluluwang iyon, sinasabi nito, "Amen! Nakikita ko ito." Lumilinya ito Rito. Ngayon tumingin dito. Samakatwid, ang taong ipinanganak ng Espiritu ng Diyos. . .

162 Kita n'yo, *heto* ang panlabas na laman. At nagsasalita ako sa halu-halong tagapakinig, mangungusap bilang inyong—bilang inyong pastor, bilang inyong kapatid. *Heto* ang laman, mahina ito, ito'y tiyak na. . . Isang munting dalaga ang maglalakad sa lansangan; isang binata na nasa kanyang kabataan pa lang, kung kailan siya'y labimpito, labingwalo, dalawampung taong gulang, dalawampu't lima, tatlumpu, maglalakad-lakad doon. . . At paparating itong dalaga, na kumekembot-kembot ang bawat hubog, ang katawan niya, naglalakad na may suot na pares ng sapatos na may mataas na takong; siya mismo ay hapit na hapit mula sa harap at likod; at ang bestida ay *ganyan* kaiksi hanggang sa itaas ng kanyang tuhod, o nakasuot ng shorts. Alam n'yo bang sinasabi ng Biblia na kikilos siyang ganoon? Alam n'yo, sinabi ng Biblia na kikilos siya nang ganoon, kung gaano na siya magiging napakalasma.

163 Nabasa n'yo ba ito rito, ang *Reader's Digest* sa buwang ito, na, "Ang mga kalalakihan at kababaihan sa panahong ito, mumunting mga kabataang babae, na mula dalawampu o dalawampu't limang taong gulang, ay nagme-menopause na," na kayo ay dumadaan sa pagbabago ng buhay sa kalagitnaang gulang ng buhay, ayon sa siyensiya, sa pagitan ng dalawampu at dalawampu't lima. Dati-rati'y nasa mga tatlumpu o tatlumpu't lima, sa panahon ko. Sa panahon ng nanay ko, hindi pa umaabot ng menopause ang isang babae hanggang sa siya'y apatnapu o apatnapu't lima na.

164 Ano ba ito? Ito’y sa pamamagitan ng siyensiya, at ng pagkain, ng mga hybrid, na sumira na sa buong katawan ng tao hanggang sa tayo’y naging isang bunton na ng—ng—ng bungkos ng pagkabulok. Buweno, kung ang katauhang pisikal ay nabulok na, hindi ba’t ang selula ng utak ay nasa katauhang pisikal na iyan?

165 Ngayon ay masdan ang Espiritu, na sumusunod dito. Darating ang panahon, sa Pangalan ng Panginoon, na ganap na masisiraan ng katinuan ang mga tao. Sinasabi ng Biblia na ganoon nga. Titili sila at magsisisigaw; labis na kakila-kilabot na mga bagay sa imahinasyon ng kanilang isip. Ang mga radyo at mga bagay-bagay, ang ating mga programa sa telebisyon, ay inilalabas ito. Magkakaroon ng mga bagay na gaya ng mga langgam na lilitaw sa lupa, na magiging kasing taas ng labing-apat na puno; magkakaroon ng—ng—ng ibon na lilipad sa buong mundo, na may apat o limang milyang lapad ng pakpak; at makikita sila ng mga tao, magtititili sila at sisigaw, at iiyak sa pagmamakaawa. Ngunit ito na ang mga Salot. Hintayin ninyo hanggang sa maipangaral ko ang pagbubukas ng mga Salot na iyon.

166 Tingnan n’yo kung ano ang ginawa ni Moises sa ilalim ng pisikal na katauhan, hindi sa Espiritu, noong sabihin Niya, “Moises. . .” Sinabi ng Diyos kay Moises, “Pumunta ka roon,” sa Kanyang propeta, “dumampot ka ng isandakot ng alabok, ihagis mo ito sa hangin at sabihin, ‘GANITO ANG SABI NG PANGINOON, mangangalat ang pulgas sa ibabaw ng lupa.’” Walang mga pulgas noon. Basta na lang, nagsimula silang makakita ng isang bagay na gumagapang mula sa palumpung. Tiningnan nila, may iba pa. At matapos ang ilang sandali, napakalalim na nila na hindi ka makalakad nang painut-inot sa kanila.

167 Saan nanggaling ang mga iyon? Ang Diyos ang Manlilikha. Magagawa Niya anuman ang Kanyang loobin. Siya ay makapangyarihan. Kaya Niyang gumawa ng isang—isang ibon na aabot—maiuunat ang mga pakpak nito mula sa isang panig ng daigdig hanggang sa kabila.

168 Sabi niya, “Magkaroon ng mga langaw, na tatakip sa ibabaw ng buong lupa.” Wala noon ni isa mang langaw sa lupain. Bigla-bigla na lang, isang matandang bangaw ang nag-umpisang lumipad sa paligid. Unang bagay, mayroong walo o sampu, labindalawa. Malalaman mo na lang, hindi ka na makadaan sa gitna nila. Ang Diyos, ang Manlilikha, ay tinutupad ang Kanyang Salita.

169 At iniunat niya ang kanyang tungkod, sa utos ng Diyos, at nagsabi, “Magkaroon ng mga palaka at takpan ang lupa.” At nagsidating ang mga palaka hanggang sa itinambak nila ang mga iyon, nang bunton-bunton, at umaalingasaw sa lahat ng

dako, marahil apatnapu o limampung talampakan ang taas, ng mga palaka. Naroon ang mga iyon sa paminggalan ni—ni Faraon. Ang mga iyon ay nasa . . . pagbaba ng kumot, at mayroon nang limandaang palaka sa ilalim ng naturang kumot, sa ilalim ng higaan, sa pagkain. Saan man sila pumunta, ay may mga palaka, mga palaka, mga palaka. Saan nanggaling ang mga iyon? Ang Diyos, ang Manlilikha, ay makapangyarihan. Kung ano ang sinasabi Niya, gagawin Niya!

¹⁷⁰ At sinabi Niya na magkakaroon ng mga tanawing kakilakilabot sa ibabaw ng lupa. “Mga balang na may mga buhok na gaya ng sa babae,” mahabang buhok, upang pahirapan ang mga babaeng nagpuputol ng kanilang mga buhok. “Mga ngipin na gaya ng leon; mga tibo sa kanilang mga buntot, na gaya ng mga alakdan; pahihirapan nila ang mga tao, ng maraming buwan.” Hintayin n’yo lang hanggang sa makarating na tayo sa pagbubukas ng mga Salot na iyan at mga Tatak, at ‘yang Pitong Kulog, masdan ninyo kung ano ang magaganap. Oh, kapatid, mabuti pang pumunta ka na sa Gosen habang may panahon pa para pumunta sa Gosen. Ni huwag mong pansinin ang nasa panlabas na ito.

¹⁷¹ Tumingin dito. Heto ang isang munting dalaga na ikinekembot-kembot ang kanyang sarili doon sa kalye; heto naman ang isang kabataang lalaki, na napapansin ito ng kanyang mga mata. Isa siyang miyembro ng iglesya. Isa siyang Pentecostal. Siya’y kung anuman siya. Ngunit ang unang bagay alam n’yo, walang posteng kinakapitan sa loob *doon*. Sasabihin ng babae, “Hello.” Kulot ang buhok niya, at binatang medyo may magandang mukha, at tuwid na balikat; na nagsisikap marahil na mamuhay nang matuwid. Nagsimulang lumakad papalapit ang babae sa kanya, na isa pa ngang mangangaral. Malalaman mo na lang . . .

¹⁷² Ano ito? Itong nasa labas *rito*, ang pagnanasa ng laman; at ang espiritung *naririto* sa loob, kahit na pinahiran, nagsasabing, “Huwag mong gawin ito, huwag mong gawin ito.” Ngunit ano ang gagawin nito? Magpapatuloy itong lumapit, kakapit doon, tapos hayun na. Malalaman mo na lang, nagsisikap na siyang mailabas ang babaeng iyon. May sala na siya ng pangangalunya, magalaw man niya ito o hindi.

¹⁷³ Ngunit, ang isang tunay, na ipinanganak na muling anak ng Diyos! Amen! Hindi mo ito magagawa nang ikaw lang. Lubhang imposible para sa isang—ising lalaki na lalaking-lalaki na lalapit sa harapan ng isang babae na katulad niyon, na wala lang. Ngunit kapag may isang Bagay sa loob; iyang munting Bagay na ipinanganak na muli *dito*!

¹⁷⁴ Bagama’t maaaring ang lalaking iyon ay sumigaw man, nagsalita sa iba’t ibang wika, lumundag, sumayaw, lahat na ng iba pa, pinahiran ng Espiritu; ginawa na ang lahat ng mga tanda

at kababalaghan na sinabi doon ng Diyos, sa pamamagitan ng Kanyang Espiritu! Sinabi ni Jesus, “Marami ang magsisilapit sa Akin sa araw na iyon, magsasabi, ‘Panginoon, hindi ba’t nagpropesiya ako sa Iyong Pangalan? Hindi ba’t nagpalayas ako ng mga demonyo sa Iyong Pangalan? Hindi ba’t. . .’” Sabi Niya, “‘Magsilayo kayo sa Akin, kayo na gumagawa ng katampalasanan.’” Ano ang katampalasanan? Isang bagay na alam mong dapat gawin, at hindi ito ginagawa. “‘Magsilayo kayo sa Akin, kayo na gumagawa ng katampalasanan; hindi Ko kayo nangakikilala.’”

¹⁷⁵ Ngunit doon sa loob ng lalaking iyon, kung ’yung munting taliang haligi ay naroon, ang Binhing iyon ng Diyos na itinalaga na bago pa man ang pagkatatag ng sanlibutan; wala akong pakialam kahit na ano pa ang mangyari, hahawakan siya nito. Naroon ito upang manatili.

¹⁷⁶ Kaya magsusuot ang babaeng iyon ng mga shorts na ’yon. Ibinibilang siyang patutot, kagaya ng babaeng nasa akto mismo. Kita n’yo? Hindi niya alam na ang espiritung iyon . . . Paano niya nalalaman? Sa kanyang pinaka-ultimo.

¹⁷⁷ Ano ang pinaka-ultimo? Ito ang huling salita. Ang pinaka-ultimo ay ang amen. Ito ang wakas ng lahat ng pagtatalo, ang iyonng pinaka-ultimo.

¹⁷⁸ At kung ang inyong iglesya, isang iglesyang Pentecostal, na nagsasabi sa inyo na, “Ang mahabang buhok at mga ganung bagay ay kapanatikuhan lang. Mayroon kang reserbang gulong, sa likod ng iyong ulo,” at iba pa, mga ganyang bagay, ang lalaking ’yon ay inaalihan na ng diablo.

¹⁷⁹ Sapagkat, sinabi ng Salita ng Diyos, “Kahiya-hiya para sa isang babae na putulan ang kanyang buhok. Kanyang niwawalan ng puri ang kanyang ulo.” Kung niwawalan niya ng puri ang kanyang asawang lalaki, at ang kanyang asawa ay ang Iglesya, at ang Iglesya ay si Cristo, isa siyang kahiya-hiya na relihiyosong patutot; hubad at hindi ito nalalaman. Hubad! Hindi ba’t sinasabi ng Biblia, “Ang lambong ng isang babae ay ang kanyang buhok”? Hindi ba’t ibinigay sa kanya ang buhok bilang isang pantakip?

¹⁸⁰ Balang araw, doon sa Paghuhukom! Sinikap ko nang ipainom ang Gamot, at hawakan Ito sa mga kamay ko, at idinudura ninyo Ito mismo na lumulusot sa pagitan ng mga daliri ninyo. Hahatulan sila ng Diyos balang araw. Iyan ay GANITO ANG SABI NG PANGINOON. Hindi ito isang bungkos ng kahangalan, o isa mang wala sa katinuan na matandang lalaking ganap na natatangay lang sa emosyon. Hindi ito ganoon. Dahil, ito ay ang Salita ng Panginoon.

¹⁸¹ At ang isang tunay, na totoong Cristiano ay magiging kaisa ng panloob na taong iyan, ang Espiritung iyan na naroon na noon pa sa pasimula, na samakatwid ay ang Salita.

182 Kung paanong Siya ang buong kapuspusan ninyong lahat, naroroon na kayong kasama Niya noon doon sa Kalbaryo. Una na Niyang nalaman na paririto kayo. Ipinaalam lang Niya kung ano ang magaganap. At kayo noon ay nasa sa Kanya; namatay kayong kasama Niya. Namatay kayo sa inyong kapalaluan, namatay kayo sa inyong mga usong kagayakan, namatay kayo sa sanlibutan. Nang Siya. . . Namatay kayong kasama Niya sa Kalbaryo, at bumangon kayong kasama Niya noong muli Siyang bumangon nang ikatlong araw. At dahil sa tinanggap ninyo ito, ngayon ay nakaupo na kayo sa Sangkalangitan kay Cristo Jesus. Aleluya!

183 Hayan na. Ito 'yung panloob na tao. Ang nasa loob na umaayon sa Salita, nananatiling kasama ng Salita, sa kabila ng lahat. Hindi ninyo ito mapigilan. Natutunan ko 'yan, maraming taon na ang nakaraan.

184 Ang munti kong anak noon ay nakahiga rito, na nag-aagaw-buhay na. Nakahimlay naman rito ang maybahay ko sa isang. . . sa—sa morge, na nakaembalsamo na at nakahimlay. Tinawag nila ako roon, at nag-aagaw-buhay na si Sharon. Iyon ang pinakamabigat na pagsubok na nakatagpo ko sa buhay ko. Mga nasa dalawampu't limang taong gulang ako noon. Lumakad ako roon, at nakahimlay si Billy Paul sa bingit ng kamatayan.

185 Lumapit si Doktor Sam, sabi, "Bill, sa palagay ko'y hindi na natin maisasalba pa si Billy. At ako. . ." Sabi niya, "Talagang masama na ang lagay niya." Sabi, "Bill, talagang nalulungkot ako para sa iyo." Niyakap niya ako.

Sabi ko, "Dok, wala na akong lakas."

186 Ilang oras, tinawagan ko siya, ang anak ko, na si Sharon, tinakbo ko siya roon, siya. . . ang makita siyang sinusumpong; ayaw nitong tumigil. Naglagay sila ng karayom sa gulugod; tinusok nila iyon, natuklasan ang sintomas, tubercular meningitis. Iyon lang.

187 Tinunton ko ang daan patungo sa ospital; inihinto ang luma kong trak doon, at bumaba at nagsimulang maglakad patungo sa silid. Hetong dumarating si Sam sa pasilyo, na hawak ang kanyang sumbrero, umiiyak, niyakap niya ako, sabi, "Halika ka doon, Bill."

Sabi ko, "Ano'ng nangyari?"

Sabi, "Hindi mo siya maaaring makita." Sabi, "Naghihingalo na siya, Bill."

At sabi ko, "Hindi, Sam, hindi ang anak ko."

188 Sabi, "Oo." Sabi, "Huwag ka na lang humiling para sa kanya, Bill. Mabuhay man siya," sabi, "mahihirapan siya." Sabi, "Siya'y mananatili nang nakabaluktot, at mahihirapan siya sa buong buhay niya." Sabi, "Mayroon siyang meningitis." Sabi, "Huwag

kang lumapit sa kanya; iyong—mapapatay mo lang si Billy pag ginawa mo iyon.”

Sabi ko, “Sam, kailangan ko siyang makita.”

189 Sabi, “Hindi mo iyon maaaring gawin, Bill. Ako—hindi kita papayagan. Ngayon, alam mo kung gaano ko iniisip ang kapakanan mo, at kaibigan kita at lahat na,” sabi, “kung gaano ko iniisip ang kapakanan mo,” sabi, “at kung gaanong pinaniniwalaan kita, Bill,” sabi niya, “pero huwag—huwag mong lapitan ang sanggol na iyon.” Sabi, “Kung gagawin mo iyon, . . . Mayroon siyang meningitis.” Kita n’yo? Sabi, “Mamamatay na siya sa ilang sandali, at,” sabi, “maaari mo nang. . . ililiping natin siya.” Sabi, “Bill, talagang nalulungkot ako para sa iyo.”

190 At tumawag siya, sinabihan, tumawag ng isang nars, para ikuha ako ng isang kung anong uri ng gamot. Sabi, “Hindi ko alam kung paano pa nakakatayo ang taong iyon.”

191 Saglit akong tumayo doon. Dinala niya sa loob ang gamot. Naupo ako, sa pasilyo. Sabi niya, “Maupo ka.” At dinala ’yun ng nars, sabi, “Inumin mo ito, Kapatid na Branham.”

192 Sinabi ko, “Salamat. Pakilapag mo na lang iyan diyan saglit.” Nang umalis na siyang ganoon, ibinuhos ko iyon sa isang duraan; inilapag muli ang baso.

193 Naupo ako roon. Naisip ko, “O Diyos, ano’ng nagawa ko? Mabuti Kang Diyos. Bakit Mo po siya pinabayaang mamatay, noong isang araw, na hawak ko pa ang dalawang mumunting braso niya nang ganoon?” Nagmamakaawa sa Kanya para sa kanya. “Bakit Mo po siya hinayaang lumisan? Naroon si Billy na nakahiga roon, na nag-aagaw-buhay na; at heto naman siya, nag-aagaw-buhay na. Ano’ng nagawa ko? Sabihin Mo po sa akin! Buweno, mabuti pang sumama na ako sa kanila.”

194 Binuksan ko ang pintuan, at walang nars doon. Bumaba ako sa silong. Iyon ay bago pa naayos ’yung ospital. Mga tabing, wala pang mga tabing sa mga bintana, halos, at may mga langaw sa mumunting mga mata niya. May kapirasong kulambo, ang tawag namin dito, net na inilalagay sa ibabaw ng mukha niya. Binugaw ko ang mga langaw; nakahiga siya roon. Ang mumunti niyang mga mata, sobra siyang nahirapan hanggang sa naduduling na ang mga iyon.

195 Tapos lumapit si Satanas sa tabi ko roon, at sabi, “Sinabi mo bang Siya’y mabuting Diyos?”

Sabi ko, “Oo, sinabi ko nga iyan.”

196 “Sinabi mo bang Tagapagpagaling Siya? Buweno, bakit namatay ang tatay mo sa mga bisig mo doon, at nakikiusap ka, siya na isang makasalanan, nakikiusap ka para sa kanyang buhay? Bakit namatay ang kapatid mo sa bisig ng isa mo pang kapatid, sa dako roon, at ikaw ay nasa pulpito at nakatayong nangangaral, ilang linggo na ang nakalipas?” Sabi, “Kung

ganoon bakit di ka Niya sinagot? Sinabi mong mahal ka Niya at iniligtas ka.”

197 Hindi niya maaaring sabihin sa akin na walang Diyos, dahil nakita ko na Siya. Ngunit sinasabi niya sa akin na wala Siyang pakialam sa akin.

198 Sabi, “Nakahimlay doon ang asawa mo. Di na magtatagal ay pupunta na rin doon ang mga anak mo. Nakalibing na ang tatay mo. Nakalibing na ang kapatid mo. At ililibing na ang asawa mo, bukas. At heto 'yung isa mong anak, na nag-aagaw-buhay na. Mabuti Siyang Diyos? Huh? Tagapagpagaling Siya?” Sabi, “Niloloko mo lang ang sarili mo!”

199 Ano ang ginawa nito? Mula... gumagawa iyon mula sa panlabas, ngayon, tungo dito sa unang tao.

200 Sabi, “Ngayon tingnan mo. Alam mo, dati ikaw noon nang ilang taon pa lang ang nakararaan, mga dalawa o tatlong taon na ang nakalipas, bago mo tinanggap Ito, maganda ang turing sa iyo sa gitna ng mga tao. Namuhay ka ng isang kalugud-lugod, na malinis na buhay. Sino mang dalaga sa lungsod, na gustong lumabas, ay lumalabas kasama mo, dahil nararamdaman nilang malinis sila at desente.” Makatatayo ako sa harapan ng sino man sa kanila. Hindi ako nang-insulto kahit isa, walang sinabing anuman. Kung magmamagaling man siya, ihahatid ko pa rin siya sa bahay nila. “At gustong-gusto ka noon ng mga tao. Ngunit ano ka na ngayon? Isang panatiko sa relihiyon.”

201 “Tama iyan. Ganun nga ako.” Nakikita n’yo ba ang mga bagay na ito na nag-uumpisang sabay-sabay na kumikilos? Ang panlabas, na nangangatwiran sa espiritu, sabay-sabay na pinapakilos ang mga bagay na ito. “Tama nga ’yan, Satanas.”

“At sinabi mo bang Tagapagpagaling Siya?”

“Oo. Hum. Siyanga.”

202 “At nagmamakaawa ka’t umiiyak, at sinasabi ng mga tao na hindi ganoon, na nalihis ka na. Pinatalsik ka na ng sarili mong iglesya, dahil Dito. Ang sarili mong iglesyang Baptist sa dako roon, ay pinalabas ka sa pintuan, dahil sa gayon ding kadahilanan mismo.”

“Oo.”

203 “Nakalibing na ang tatay mo. Nakalibing na ang kapatid mo. Ang asawa mo ay nakahimlay roon, na ililibing na. Heto ang anak mo, mga labinlimang minuto na lang at mawawala na siya. At Tagapagpagaling Siya? Sarili mong laman at dugo; isang Salita mula sa Kanya ay magliligtas na sa buhay ng sanggol. ‘Tagapagpagaling Siya,’ sabi mo. Sinikap sabihin sa iyo ng mga tao. Sinabi ng mangangaral sa iyo na ganap na naguguluhan ka; lubha ka nang nasisiraan ng bait; ikaw ay naging panatiko na sa relihiyon. At sinabi mong mahal ka Niya. Mahal ka nga kaya Niya?”

204 “At gaano kang nakiusap para sa iyong ama! Gaanong, gabi-gabi, ay nag-aayuno ka, at nang ikaw...sa araw, kapag kailangan mong manalangin, upang umakyat sa isang poste, para makapagtrabaho. At nang hinayaan Niyang mamatay siya sa bisig mo, na isang makasalanan.

205 “Kung paanong ang asawa mo, napakabuti niyang babae, at kung gaano mo siya minahal!” Ang nanay ni Billy; marami sa inyo ang nakakaalala kay Hope. “Napakabuti niyang babae! Lubos kang naging masaya noon, sa maliit n’yong tahanan sa dako roon; na may humigit-kumulang pito o walong dolyar na halaga ng mga kasangkapan, kung anong mga kasangkapang mayroon kayo, ngunit ganoon pa man minahal mo siya; at ikaw...at minahal ninyo ang isa’t isa. At nagpupunta ka’t nananalangin para sa iba; at, sa kung anong emosyong gawa-gawa lang ng isipan, bumangon sila’t naglakad na at nagsabing maayos na sila. Ngunit ngayon ang sarili mong asawa; at hayun siya, patay na, ikalawang araw na ngayon, na nakahimlay sa punerarya doon, sa Scott and Combs. Tagapagpagaling ba Siya? Huh?”

206 “At ang maliit mong anak na lalaki ay nasa bingit na ng kamatayan, si Billy Paul, na labingwalong buwang gulang. At ang maliit mong anak na babae, sa gulang na walong buwan, ay nakahiga rito, na naghihinalo, dahil sa meningitis. At sadyang nanalangin ka; at ibinaba ng Diyos ang tabing, sabi, ‘Tumahimik ka!’ Hindi naririnig, ayaw kang dinggin, man lang! Tinalikuran ka Niya. Mabuti ba Siyang Diyos? Huh? Mahal ka Niya? At lahat ng babaeng nakasama mo, lahat ng lalaking nakasama mo, ang mismong matatalik mong mga kaibigan, ay lumayo na sa iyo bilang isang panatiko sa relihiyon.”

207 Lahat ng sinasabi niya sa akin noon ay katotohanan. Lahat ng sinasabi niya, ay sadyang tumatama, kita n’yo, *dito*. Halos handa na akong sabihin noon, “Kung ganoon ako, kung sa ganyan Niya kailangang gumawa, kung ganoon hindi ko na Siya paglilingkuran.”

208 Sa pagkasabi ko ng ganoon, may Isang bagay na nanggaling sa kung saan pa, doon sa kaloob-looban. Sabi, “Sino ka ba, unang-una? Ang Panginoon ang nagbigay, at ang Panginoon ang nag-alis.” Kita n’yo, iyan ’yung taong panloob, hindi man lang nangangatwiran.

209 Nagbalik-tanaw ako, at naisip ko, “Paano ba ako napunta sa lupa? Nagmula ako sa isang pulutong ng mga lasenggo. Paano ba ako napunta dito? Sino ba ang nagbigay ng buhay sa akin? Sino ba ang nagbigay ng asawang iyon sa akin? Sino ba ang nagbigay ng anak na iyon sa akin? Saan ba nagmula ang asawa ko? Saan ba nagmula ang buhay ko?” Sabi ko, “Bagama’t ako’y patayin Niya, gayon ma’y magtitiwala pa rin ako sa Kanya.”

Sabi ko, “Lumayo ka sa akin, Satanas!”

210 Ipinatong ko ang aking kamay sa sanggol na iyon. Sabi ko, “Sharon, mahal ko, ihihimlay na kita sa mga bisig ng iyong nanay sa ilang sandali, kapag kukunin ka na ng mga Anghel ng Diyos, ngunit isang araw makikita kang muli ni tatay. Hindi ko alam kung paano mangyayari iyon, mahal ko. Hindi ko masasabi sa iyo kung paano; gayong tumalikod Siya sa akin, hindi man lang makinig para sa iyo.”

211 Hinayaan Niyang mamatay ang asawa ko, at ako na hawak-hawak siya noon sa mga kamay, iniyakan ko siya. At ang tatay ko, sa mga bisig niya, namatay sa bisig na ito *rito*; nakatingala sa akin, na hinahabol ang hininga. At nanalangin ako nang matindi sa abot ng makakaya ko. Paano ako muling haharap sa madla, upang mangaral ng Makalangit na pagpapagaling? Paano ko ipangangaral na mabuti Siyang Diyos, at hinayaan ang sarili kong ama na mamatay, na isang makasalanan? Paano ko iyon ipangangaral? Hindi ko alam kung paano, ngunit alam kong tama Siya.

212 Hindi kailanman mabibigo ang Salita ng Diyos. Mananagumpay Ito, maging ano pa man iyon. Saka ko nalaman na may isang Bagay na nasa kaloob-looban ng lahat ng mga pangangatwiran, Isang bagay na nasa kaloob-looban ng lahat ng mga emosyon, lahat ng iba pa na gaya niyon. May Taong panloob na nanindigan nang oras na iyon. Wala nang iba pa ang maaaring nakagawa niyon; ang bawat katwiran, ang lahat ay maaaring maipakita, ang lahat ay magagawang patunayan na mali Ito, at ako ay nasa mali. Subalit ang Salita ng Diyos, na itinalaga na bago pa man ang pagkatatag ng sanlibutan, ay umangkla doon sa kaloob-looban.

213 Naramdaman ko ang isang munting Hangin na pumasok sa gusali. Ang espiritu niya ay pumaroon na upang katagpuin ang Diyos.

214 Kapatid na lalaki, kapatid na babae, hayaang sabihin ko sa inyo, Iyon lang ang nag-iisang bagay. Huwag itong subukang pangatwiran. Huwag piliting magkaroon ng mahabang buhok dahil sa sinabi kong gayon. Huwag piliting gawin ang mga bagay na ito para lang, dahil, sa inyong laman. Huwag piliting gawin ito, para lang tila makisama. Kundi maghintay lang sa harapan ng Panginoon, hanggang sa may Isang bagay na doon sa kaloob-looban!

215 Marami sa inyo ay nag-aakalang, dahil sa may mahaba kayong buhok, ibig sabihin niyon mapupunta na kayo sa Langit. Hindi ganoon ang ibig sabihin niyon. Marami sa kanila ang nag-aakala, na dahil sa isa kang mabuting, desenteng babae, ay mapupunta ka na sa . . . ? . . . Hindi ganoon ang ibig sabihin nito. Marami sa kanila ang nag-aakala, na dahil sa ang mga iglesya nila, at kabilang sa *ganito*, at *dito* sa mga malalaking grupo,

at kilalang mga doktor ng Dibinidad. Hindi ganoon ang ibig sabihin niyon. Kita n'yo?

216 Marami ang nag-aakala, na dahil nagsasalita sila sa iba't ibang wika, ay taglay na nila ang Espiritu Santo. Hindi ganoon ang ibig sabihin niyon. Bagama't, nagsasalita nga sa iba't ibang wika ang Espiritu Santo. Subalit hanggang 'yung totoong, tunay na Banal na Espiritu diyan sa loob ay sumang-ayon sa bawat Salita! Kung ang Espiritu Santong iyan sa inyo, na nakapagpapasalita sa inyo sa iba't ibang wika, ay tumitingin doon at hindi umaayon sa iba pang Salita, kung ganoon maling espiritu 'yon. Kita n'yo?

217 Kailangan itong manggaling sa loob, na samakatwid ay ang Salita, mula pa sa pasimula. "Sa pasimula ng paglalang ng Diyos," noong ang Diyos ay magsimulang maglalang, palitawin ka, nakita n'yo. Nag-umpisa ka doon noon bilang isang binhi, at gumawa hanggang sa kung saan ka na ngayon. At, pagkatapos, kayo lahat ay na kay Cristo. At pagkatapos noong mamatay si Cristo, namatay Siya upang tubusin kayong lahat. At bahagi kayo ng Salitang *ito*, at paano magagawang . . . ang Biblia, lahat Nito! "Utos at utos, bilin at bilin; dito'y kaunti, doo'y kaunti." "Ni isang tuldok o isang kudlit man ay hindi mabibigo." Papaano ngang magagawa mo, bilang bahagi ng Salitang iyon, na di sumang-ayon sa lahat ng iba pa Nito, o sa anumang bahagi Nito?

218 Pagpalain kayo ng Diyos. Lampas na ako sa oras ngayon. Hindi ko sinasadyang gawin ito, ang pagtagalin kayo nang ganyan. Ipagpaumanhin ninyong pinatagal ko kayo; hindi humihingi ng paumanhin kung anuman ang sinabi ko.

Nasa dulo na tayo ng isang bagay, mga kaibigan.

219 Lahat kayong naririto, sa palagay ko, ay tanging mga miyembro lang dito sa iglesya. Hindi ako nakakapag-ikot, nang sapat, upang makita kung anu-anong mga miyembro ang naririto. Naiisip ko na lahat kayo ay parating dumadalo rito. Hayaang sabihin ko sa inyo ang isang bagay na naganap. Magagbibigyan n'yo pa ba, sabihing, anim na minuto pa? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.]

220 Si Rev. G. O. Walker ba iyon dito na taga-Oregon, na naririto noong—noong Linggo na naririto ako? May nakakaalam ba? Napakadakilang, kakaibang bagay.

221 Pagpunta ko rito, napakarami ng mga tao sa loob, ako—nagkaroon ako . . . nagkaroon ako ng santambak na mga panayam, at bawat isa sa mga 'yon ay mahalaga; ang anak nilang lalaki, mga anak, mga may asawa na, mga lasenggo, at—at iba't ibang bagay, at mga bagay na talagang mahalaga. Bawat isa sa mga iyon ay dapat na naasikaso sana. Hindi ko kayang gawin lahat 'yon. At ipinagkakatiwala ko kayo sa Diyos, at itinataas ang mga kamay ko para sa kanila, sa panalangin. Sabi ko, "O Diyos, ako—hindi ko 'yon kayang gawin. Magpunta

sa kanila, Panginoon, gawin. . . Alam Mo po kung paano ito gagawin. Dumadalangin ako para sa bawat isa.”

²²² Tinawagan ako ni Billy. At kadarating ko lang kasama si Kapatid na Banks. Sabi niya, “Daddy, kung iyong. . .”

²²³ At, tingnan n’yo, nakikita ko ang mga tao na nagmamanehong padaan doon minsan, sa may daanan, tumitingin sa loob. At dudungaw ako doon sa labas sa kanila, saka kakaway sa kanila nang *ganyan*, at sila—halos ipihit nila ang ulo nila. Hindi ko gustong gawin n’yo ’yon.

²²⁴ Noong isang araw nang binibili nila ’yung lugar doon sa Tucson para pagtirhan ko, may lugar doon na gustong bilhin ni Kapatid na Tony para sa akin, ng mga tatlo o apat na beses ng halaga ng lugar na ito. Gusto pa nga niyang gumastos pa ng napakaraming libong dolyar dito, siya mismo. Pero ang tanging paraan na makakapasok ka doon, may isang bantay sa tarangkahan na nakatayo roon. Isang napakalaking. . . Buweno, karagdagan ito doon. Ngunit anuman. . . Itong mga taong nakatira doon, kailangang mayroon kang nakasulat na pahintulot, saka ka tatawagin ng lalaking bantay sa tarangkahan at siguraduhin kung ayos lang para sa kanila na pumasok.

²²⁵ Sabi ko, “Maiisip mo ba, ako, ang mga kapatid kong lalaki’t babae na nagpupunta para makita ako, na gustong kamayan ako at humihingi ng pagpapala ng Diyos para sa akin, maiisip mo ba na patitirahin ko ang sarili ko rian, Tony?”

Sabi, “Buweno, mayroon kang. . .”

²²⁶ Sabi ko, “Tony, ang istilo ng iglesya at lahat na sila ay ayaw nang palalapitin ang mga tao,” sabi ko, “para ’yon sa mga taong lahat na ay gustong ipagawa sa akin.”

²²⁷ Sila, sasabihin nila, “Buweno, sinabi sa akin ng Panginoon. Aleluya! Mananatili ako rito mismo. Luwalhati sa Diyos! Sinabi sa akin ng Panginoon na kailangan mong magdaos ng pagtitipon dito sa grupo namin. Siyanga, po, luwalhati sa Diyos! Ang Diyos ang nagsabi sa akin niyon. Kung hindi mo ’yun gagawin, Kapatid na Branham, ay talagang tumalikod ka na.” Ako na naroon nagsisikap na mag-aral, kita n’yo. Iyon ang dahilan, kita n’yo. At maraming mabubuting tao ang hindi naisasama, nakakalapit, dahil diyan.

²²⁸ Kagaya ng isang taong mangangaso dito sa isang bukid. Sabi ng isang magbubukid, “Pumasok ka. Puwede kang mangaso.” At pupunta ka doon at babarilin ang isa sa mga baka niya; isang kuneho kasi ang tumakbo sa ilalim ng baka, at basta na lang babarilin ’yung kuneho, kahit ano pa. Aakyat ka sa bakod, sa halip na pumunta ka sa poste at umakyat kagaya ng dapat na gawin ng matinong tao; aakyat sa bakod pagkatapos sisirain ito nang ganoon. Kita n’yo? At tapos sasabihin niya, “Lalagyan ko na ng babala ang lugar na ito!” Hindi ko—hindi

ko siya masisisi kahit katiting, kahit katiting man lang. Buweno, ano'ng ginagawa niya? Naidadamay na niya 'yung matinong mangangaso upang hindi makapasok. Ganoon lagi. Ang masama ang humahadlang sa mabuti na mamayani. Lagi nang ganito.

²²⁹ Ngayon, subalit ang mga taong iyon ay, libu-libo ang totoong mga nangangailangan at mababait na mga tao, mapagmahal na mga tao, na puspos ng biyaya ng Diyos.

²³⁰ Ngayon, mayroon tayong mga ganito, kung paanong lumilitaw ang mga taong ito nang ganyan. Hindi natin, ayaw natin iyan, hindi.

Ngunit ang lalaking ito ay dumating. . .

²³¹ Sinabi ni Billy, "Pumunta ka na rito, kaagad-agad, daddy." Sabi, "Si Gng. Waldorf ay naririto na may kasamang ilang naghihingalo nang mga tao; kailangan na silang matingnan agad." At pinuntahan ko kaagad; nagpunta rito.

²³² At sa pagbalik ko, sabi nila, "Walang sinumang naririto kundi isang lalaking natutulog sa isang tabi ng gilid, sa labas doon, sa isang unan araw-araw, na nasa gilid ng gusali." Sabi, "Gusto niyang ipanalangin mo siya."

Sabi ko, "Sige." Sabi, "Aasikasuhin ko siya." Pumasok ako.

²³³ Mayroon doong, sa palagay ko, isang Cadillac na nandoon sa likuran, o para bang isang uri ng malaking kotse. Sumakay ako, nasa. . . At sabi ng lalaking iyon, "Kumusta po kayo." Hindi niya ako kilala.

²³⁴ At pumasok ako. At si Kapatid na babaeng Waldorf, kaawaawang nilalang, ay pumasok. Alam n'yo, siya ay. . .

²³⁵ Alam n'yo na ang kaso niya, hindi ba? Kita n'yo, nagkakanser siya; na namatay noon sa pila ng panalangin, mga isang oras bago ko siya naabutan. Dumating ang doktor niya, ipinakita. . . Iyon ay mga labingwalong taon na ang nakalipas, kanser sa puso, kita n'yo, at buhay siya sa araw na ito. At nakatira siya ngayon sa Arkansas.

²³⁶ At naroon siya sa Phoenix, noon. At sabi niya, "Kapatid na Willie, ayaw kong pumunta nang ganito, ngunit," sabi, "wala akong lugar na mapuntahan. Sila nga. . . Sinabi nilang ang pas-. . . ang babaeng ito ay mamamatay na. Oh, Kapatid na Willie!"

²³⁷ Sabi, "Gusto ko sanang dalhan ka ng kaunting kaloob sa kamay ko, Kapatid na Willie," sabi, "ngunit hindi ko 'yun magawa. Ngunit nag-imbak ako ng ilang minatamis na blackberry."

²³⁸ Oh, nang magtungo ako roon at nakita ang mga maliliit na bote ng minatamis na iyon na dala niya na nakalagay doon, ako. . . tila ba napakasagrado niyon sa akin para kainin. Kita n'yo? Ang kalugod-lugod na munting matandang babae na iyon,

mga pitumpung taong gulang. Sabi ko, “Kapatid na Hattie . . .” Ako—hindi ako makatanggi. Hindi. Nakita ni Jesus ’yung balo na naglalagay ng tatlong denaryo, at Kanyang—Kanyang—hinayaan Niya siya. Kita n’yo? Hindi. Gagantimpalaan siya ng Diyos dahil doon. Oo.

²³⁹ At kaya nga’t pinagaling ng Panginoon ang naturang babae, pinagaling lahat ng taglay niya, inihayag sa pastor niya kung ano ang kanyang, siya, ang naroroon sa isip niya, kung ano dapat ang gawin niya, ’yun pa. At, oh, lumabas silang lahat, na sumisigaw.

²⁴⁰ Pagkatapos ay dumating si Billy. Sabi niya, “Daddy, wala na po ’yung lalaking iyon. Hindi ko . . .”

Sabi ko, “Sino ’yung nandoon sa kotse?”

²⁴¹ “Oh,” sabi niya, “isang lalaking nanggaling pa sa Oregon, sabi niya may tila ba isang panaginip siya. At sinabi ko sa kanya, ‘Hindi kita paaasahin. May tatlong daan pa rito sa loob, na naghihintay ngayon.’” At sabi, “At sinabihan ko naman siya, ‘Isulat mo na lang ’yung panaginip.’” Sabi, “Mayroon nga akong isang bunton ng mga iyon dito, na *ganyan* kataas, pa nga, at isasama ko na lang iyon dito.”

Sabi ko, “Papasukin mo siya. Bigyan siya ng limang minuto.”

²⁴² Buweno, pagpasok na pagpasok nung tao, limang minuto? Sabi niya, “Ako si Rev. Walker,” sa palagay ko ang pangalan niya, “taga-Oregon.” Sa palagay ko ay iba siyang denominasyon, hindi ko alam, Presbyterian, kung anong Presbyterian.

²⁴³ Sabi niya, “Nakaharap na kita mga dalawampung taon na ang nakalipas. Naparoon ako sa Grants Pass kung saan ka . . .” Hindi pala Grants Pass, ngunit nakalimutan ko na ang pangalan ng lugar. “Doon,” sabi, “buong lalawigan, pangunahing balita iyon sa mga diyaryo tuwing umaga.” Sabi, “Alam ng lahat ang tungkol doon.” Sabi, “Ni hindi ako makapasok sa gusali kung saan ka naroon, ngunit nakita kitang pumanhik. At isang araw, sa daan noon, lumapit ako,” sabi, “apat o limang lalaki ang nakapaligid sa iyo, at kinamayan kita. At ikaw . . . sinabi ko sa iyo na ako si Kapatid na Walker, at sinabi mo sa akin kung sino ka.” Sabi, “Nag-usap tayo sandali, at pagkatapos pinapatuloy ka na ng tatlo o apat na malalaking lalaking kasama mo.” Sabi niya, “Hindi mo ako kritiko, at hindi naman ako pumapanig sa iyo.” Sabi niya, “Sadyang hindi ko lang naunawaan.”

²⁴⁴ Sabi niya, “Nagpatuloy ito nang ganoon sa loob ng ilang taon, at pagkalipas ng panahon,” sabi, “ako . . . isang lalaki ang nagsabi sa akin na pumunta’t makinig sa ilang teyp, mga tatlong taon na ang nakakaraan.” At sabi, “Ipinarinig ng naturang lalaki ’yung mga teyp. At, noong gawin nga niya,” sabi niya, “narinig ko siyang magsalita.” At sabi, “Ang lalaking iyon ay naniniwalang ikaw ay isang—isang propeta. Sabi ko, sinabi ko

doon sa lalaki, 'Hindi ko alam ang mga bagay na 'yan; maaari, hindi ko lang alam.'"

²⁴⁵ Kaya, sabi, "Tapos isa pang lalaki ang lumipat sa bayan namin, na nagdaos ng isang pagtitipon, at nakilala ko siya. At sabi niya, 'Ako ang propeta ng Diyos para sa panahong ito.'"

²⁴⁶ Sabi niya, "'Ilan na ba kayong mga ganyan, nga ba?' Sabi, 'Ako—ako—narinig ko kung saan may isang lalaki dito na nakikinig sa mga teyp, sabi, "Si William Branham, doon sa silangan, ay isang propeta ng panahong ito," at mga bagay na ganoon.'"

²⁴⁷ Sabi niya, "Ang lalaking ito..." Hindi ko babanggitin ang pangalan niya, dahil hindi magandang pakinggan, dito, nakita n'yo. "At sabi niya, 'Kilala ko si William Branham,' sabi, 'subalit mali siya sa lahat ng Doktrina niya.' Sabi, 'Hindi siya Pentecostal; hindi siya naniniwala sa paunang katibayan.' At sabi, 'Isa pang bagay, sinasabi niyang may pangunahin at maliit na mga propeta. Wala namang ganung bagay.' Sabi, 'Isa kang propeta o hindi ka propeta, at 'yun lang.'"

²⁴⁸ Sabi niya, "'Buweno, ginoo, ako'y... di ako nakipagtalo sa iyo tungkol dito. Sinabi ko lang naman na narinig ko ang lalaking ito na nagsabing itong lalaking, si William Branham... at na ang lalaking ito ay ipinapahayag na isa raw siyang propeta.'" Sabi, "'Nag-isip lang ako kung mayroon kayang ilang ganoon.'"

²⁴⁹ "Sabi niya, 'Pero gusto kong malaman mo ito. Ako ang propeta ng kapanahunang ito.'"

²⁵⁰ Sabi niya, "'Buweno, ikaw nga ba?'" Sabi, "'Pagpalain ka ng Panginoon at sumaiyo Siya.'"

²⁵¹ Nagpatuloy siya, hindi nagbigay ng anumang pansin dito. At sinabing nag-umpisa siya, sa gitna ng mga kapatiran niya, ng sunud-sunod na tatlo o apat na pagtitipon. At nagpunta siya sa tanggapan ng koreo, sabi, "Huwag—huwag ninyong baguhin ang koreo ko. Hayaan n'yo lang riyan hanggang sa makabalik na ako, mga pagkaraan ng apat o tatlong araw."

²⁵² "Sige," sabi nila. Naglagay sila ng pananda roon, na hindi iyon babaguhin.

Nagtungo siya't nakipagkita sa anak niyang babae.

²⁵³ At doon sa daan, siya—huminto siya sa isang simbahan. At nangaral siya noong gabing iyon. Kinaumagahan, sabi niya nagkataong naisip lang niya, "Sige pumunta ka sa panlahatang padala." At nang gawin nga niya, isang liham ang nakapasok sa tanggapan ng koreo at napunta sa anak niya; ipinadala ng anak niya doon, sa panlahatang padala.

²⁵⁴ At binuksan niya iyon. At sabi na iyon ay isang lalaki, si G. Hildebrandt, na isang kaibigan ko, na siyang lalaking nagpaparinig noon ng mga teyp. Sinabi na si G. Hildebrandt

ay nabalitaan mula kay Roy Borders (at iyan 'yung isa sa mga tagapangasiwa, alam n'yo na), na magdaraos ako ng pagtitipon dito, mula sa ikadalawampu't walo hanggang sa a-uno, bumalik at nang makita niya mismo.

255 Sabi niya, "Ngayon, tingnan mo rito, pinipilit akong hatakin ng mga lalaking 'yon sa isang bagay na gaya niyan!" Kita n'yo? At initsa lamang niya 'yung papel sa basurahan, at nagpatuloy, kita n'yo, nang ganoon. Pumasok at idinaos ang pagtitipong iyon nang gabing iyon. At kinaumagahan . . .

256 Pagkatapos ay nag-umpisa siyang pigilan ang puso niya, sa pag-iyak, doon mismo sa silid.

257 Sabi niya, "G. Branham, napagtatanto kong kailangan kong tumayo sa harapan ng Diyos." Sabi niya, "Hindi ko alam kung tulog ako noon o kung ano'ng nangyari." Sabi niya, "Nanaginip ako. Sasabihin kong tulog ako at nanaginip ako."

258 Sabi, "Naisip kong ang anak kong lalaki, sa palengke, ay isiniksik ang kamay niya sa isang—isang sako." At sabi, "Nang gawin nga niya, iyon ay sako ng mga mansanas, at nangalaglag lahat iyon." Sabi, "Noong pupulutin ko na ang mga iyon, lahat 'yun ay berdeng mansanas na pawang nabawasan na ng isang kagat." Sabi, "Pinupulot ko ang mga 'yon, ibinabalik ang mga iyon sa sako." Sabi, "Nagpagulong-gulong ang ilan sa mga iyon, at gumulong pababa, kaya't hinabol ko para sikaping pulutin ang mga iyon, at sa ilalim . . . sa damuhan." At sabi, "Gumulong sila sa loob ng isa sa mga nakakadenahang bakod. At may malaking super highway na nasa tabi doon. Tumingin ako sa dakong silangan, at," sabi niya, "ang—ang—nakakalawit 'yung kadena sa isang—isang malaking bato doon sa silangan. At pumunta ako doon, at naisip kong tanggalin itong kadena, pagkatapos ay pumunta't pulutin ang mga mansanas para doon sa lalaki." Sabi, "Sinimulan kong tanggalin 'yung kadena."

259 Sabi, "Niyugyog ng isang tinig ang buong kalupaan." Sabi, "Nayanig ang lupa, sa aking paanan." At sabi, "Matapos nitong yumanig, narinig ko ang isang tinig." At sabi, "Kapatid na Branham, tinig mo iyon," sabi, "alam ko; may kung anong nagsabi na." Sabi—sabi, "Sabi nito, 'Tatahakin ko ang daang ito nang minsan pa!'"

260 At sabi, "Nag-umpisa akong tumingala doon sa bato, nang *paganito*, at tumingin, nang lampas sa mga ulap. At doon sa itaas, na naroon sa isang batong umaabot mula sa silangan patungo sa kanluran, sa isang patulis na hugis na gaya *niyon*, na parang isang piramide, patungo rito sa silangan, at," sabi, "ay naroon ka, na sakay ng isang kabayo na wala pa akong nakitang kagaya niyon sa tanang buhay ko; napakalaking puting kabayo, na nakalaylay ang puting buhok nito." At sabi, "Nakabihis kang gaya ng isang pinunong Indian, sampu ng mga bagay na ginagamit ng mga Indian." Sabi, "May baluti siya; mga pulseras

na nasa mga braso, at pababang paikot lahat nang paganoon.” Sabi, “Nakataas ang mga kamay mo nang *paganyan*.” At sabi, “Nakatayo roon ang kabayong iyon na gaya ng isang kabayong pandigma, na may magilas na lakad na parang *ganito*, na naglalakad,” ako naman ay nakatayong di kumikilos. At sabi, “Hinatak mo ang renda, nangabayo ka patungong kanluran.”

²⁶¹ Sabi, “Tumingin ako sa ibaba roon, at may napakaraming mga siyentista.” At kinaumagahan... Sabado noon. Noong sumunod na umaga, nangaral ako patungkol sa mga siyentista, alam n’yo na, na sa diablo. Saka sabi, “Ang mga siyentista doon ay nagsasalin ng mga bagay sa mga tubo, at hinahalo iyon.” Sabi, “Pinahinto mo ’yung kabayo, itinaas mong muli ang mga kamay mo at sumigaw, ‘Tatahakin ko ang daang ito nang minsan pa!’” At sabi, “Nayanig ang buong kalupaan. Nayanig ang mga taong iyon,” sabi, “tumingala at nagtinginan sa isa’t isa, nang *paganoon*, at tumingala sa iyo. Nagkibit-balikat lang sila, nagpatuloy sa kanilang siyentipikong pananaliksik.” At sabi, “Nag-umpisa ka nang magtungo sa kanluran.

²⁶² “At nang mangyari nga ito,” sabi, “nakita ko ang lalaking iyon na tinatawag ang sarili niyang propeta, alam mo na,” sabi, “lumapit siyang sakay ng isang kabayo na may pinaghalong puti at itim.” At sabi, “Pumunta siya sa likod nitong napakalaking kabayo.” Sabi, “Iyon ay,” sabi, “doon sa itaas ng mga ulap, at ’yung daan ay hindi lalampas ng mga *ganoon* kalapad.” At sabi, “Sadyang sumayaw ang kabayong iyon, sa hangin na umiihip sa mga balahibo at lahat ng nakalagay sa—sa iyong kasuotan,” at sabi, “tapos ’yung buhok ng kabayo at buntot ay hinihapan. Dakilang pinuno, na malaking puting kabayo, na naglalakad mismo sa hanay.” At sabi—at sabi, “Itong lalaking ito ay sumunod sa likuran mo, na nagmula doon sa Canada,” at nakatira nga ’yung lalaki doon sa Canada. At sabi niya, “Bumalik, at,” sabi, “dinala niya ang maliit niyang kabayo, na pinipilit patumbahin ang malaki mong kabayo; pinaiikot ito; ibinabangga ang balakang nito sa...” Sabi, “Hindi niyon napatinig ’yung malaking kabayo; nagpatuloy lang siya sa paglakad.”

²⁶³ Sabi, “Tapos, bigla na lang,” sabi, “pumihit ka.” Sabi, “Pangatlong beses na iyon na nagsalita ka, ngunit pangalawang beses na sinabi mong ‘Tatahakin ko.’” At sabi, “Hindi ka nagsalita kagaya ng ginawa mo. Nag-utos ka.” Sabi, “Pumihit ka at tinawag ang lalaking iyon sa pangalan niya, at nagsabi, ‘Umalis ka rito! Alam mong walang sinuman ang maaaring tumahak sa daang ito na hindi siya itinalaga ng Diyos upang gawin ito. Umalis ka rito!’”

²⁶⁴ At sabi, “Tumalikod ’yung lalaki.” At sabi, “Sinulatan ako ng mga liham nung lalaking iyon.” At sabi, “Sa balakang ng kabayo niya,” ang itim at abo na iyon, at na pinaghalo, sabi, “sa balakang ng kabayo niya ay nakasulat ang kanyang pangalan,

ang lagda na sadyang eksaktong kagaya ng nasa liham niya. At paalis siyang nangabayo papunta sa norte.”

²⁶⁵ Sabi, “Nagtungo ka pagkatapos; ang malaking kabayong iyon ay umikot, patungo hanggang doon sa maaabot mong pakanluran.” Sabi, “Tumayo ka at itinaas mo ang kamay mo nang *paganyan*.” Tapos nagsimula siyang umiyak. Sabi, “Kapatid na Branham, ang makita ang kabayong iyon na nakatayo roon; ang lahat ng mga boneteng pandigma na iyon at lahat ng gaya niyon, at,” sabi, “ang naturang baluti na iyon at ang lahat ay kumikinang.” Sabi, “Itinaas mo ang mga kamay mo sandali.” At sabi, “Tumingin kang muli pababa, dinampot ang renda, sabi, ‘Tatahakin ko ang daang ito nang minsan pa!’” Sabi, “Nayanig ang buong lupa nang kabi-kabilaan, nang *ganyan*.” At sabi, “Wala nang buhay pang natitira sa akin; natumba na lang ako sa may gilid ng batong iyon. Saka ako nagising.”

Sabi, “Ano kaya ang ibig sabihin niyon, ginoo?”

Sabi ko, “Hindi ko alam.”

²⁶⁶ Kinaumagahan . . . si Junior Jackson, na nanaginip tungkol sa piramide, na alam n’yo na, noong magtungo ako sa kanluran. Naaalala n’yo ba iyon? Tinawagan niya ako, isang buwan o dalawa bago iyon. May panaginip siyang nag-aalab; kailangan niyang sabihin sa akin. At sabi ko, “Billy . . .”

²⁶⁷ Mayroong mga dalawampu ang nandoon. Sabi niya, “Si Junior Jackson, doon, nagsabing kailangan niya raw sabihin sa iyo ang panaginip na iyon.”

Sabi ko, “Papasukin mo siya, mga limang minuto lang.”

²⁶⁸ Isinama niya ang kanyang asawa sa loob, at, sabi niya, upang maging saksi. Sabi niya, “Nanaginip ako, Kapatid na Branham, ako at ang maybahay ko ay nasa labas na nagbibiyaha.” At sabi, “Tumingin ako sa dakong silangan, at nakita ko, tila ba, isang gatuldok na bagay, na kagaya ng isa sa mga flying saucer.”

²⁶⁹ Kita n’yo, hindi alam ng mundo kung ano iyon, alam n’yo. Alam n’yong nangyayari na ito. Alam natin kung ano ito. Kita n’yo? Alam nating ito’y mga nag-iimbestigang, mga Anghel ng paghatol, nakita n’yo. At kung paanong sa Pentagon at lahat na, tungkol sa kung paano ito bumababa nang mabilis; at ang intelihensya, kung paanong nagagawa nila [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang mga daliri nang minsan—Pat.] na umalis sa isang iglap at mawala, makalayo agad sa anumang bagay na mayroon sila. Kita n’yo, hindi nila napagtatanto kung ano ito, kita n’yo. Hayaang isipin nila kung ano ang gusto nila. Tinatawag nila itong mga flying saucer, o anuman. Hindi naman nila alam, kita n’yo.

²⁷⁰ Sabi, “At nakita ko iyon na paparating, at pinanood ko iyon. At iyon ay, isang lalaki iyon na nakasakay sa isang kabayo.” At sabi, “Paparating siyang singbilis ng kidlat.” Sabi, “Nakita

kong papunta siya mismo sa harapan ko. At inihinto ko ang kotse ko, bumaba ako. Nang mangyari nga iyon,” sabi, “’yung kotse . . . nakatayo na sa daan ang kabayo, isang malaking puting kabayong pandigma na magilas na naglalakad.” Iyon ang Salita, siyempre, alam n’yo na, na naglalakad nang magilas.

²⁷¹ Sabi, “May lalaking nakaupo roon.” Sabi, “Siya—nakasuot siya ng damit na kanluranin; hindi isang cowboy, kundi,” sabi, “tila ba isang pinuno ng mga tanod-gubat o parang ganun.” Kita n’yo, lahat ng kanyang kapangyarihan bilang pinuno, mula sa kanluran; ang Indian na namumuno sa mga Indian; namumuno sa mga tanod-gubat, kita n’yo. At sabi, “Nakababa ’yung sumbrero ng naturang lalaki, at may . . . nakatingin siya nang patagilid.” At sabi, “Noong bumaling siya,” sabi, “ikaw ’yun, Kapatid na Branham.” Sabi, “Nagsalita ka na hindi na talaga kagaya nung una. Sabi mo, ‘Junior!’” Tinawag siya nang tatlong beses. “At sabi, ‘Sasabihin ko sa ’yo kung ano’ng gagawin.’” At sabi, “Tapos ay hinatak mo ang renda ng kabayong iyon. Pinahakbang mo ng tatlong mahahabang hakbang iyon, saka tumungo na sa kalangitan, at umalis ka na patungong kanluran.”

²⁷² Sabi niya, “Sandali lang, luminga-linga ako, at naritong dumarating ang isang kabayong mas maliit kaysa sa isang iyon, mula sa gayon ding lahi, pero mas maliit, at tumayo.” Sabi, “Lumakad ako palapit, sabi, ‘Baka ipinadala niya ito pabalik para sa akin.’” Sabi, “Sumakay ako doon.” (Nakapangabayo na rin nang kaunti si Junior. Sabi niya, “Alam mo kung paanong lumalapat sa iyo ang siya mo, Kapatid na Branham, ang mga estribo at lahat na?”) Sabi, “Naisip ko, ‘Buweno, saktong-sakto itong nakalapat sa akin.’ Kaya hinatak ko ang renda, patungo doon sa mga alapaap.” Sabi, “Hinatak ko ang renda saka pinahinto siya, pinaikot siya saka bumalik. Kita mo? Noong bumalik ako,” sabi, “inihinto ko ’yung kabayo, bumaba ako, nakipag-usap sa maybahay ko. Nawala na ’yung kabayo.” At nagising na siya.

²⁷³ Pagkatapos, ’yung araw bago kahapon, tatlong araw na ang nakalipas, dumating si Leo Mercier, na dumating na may ganoong-ganoon din na panaginip, na walang kaalam-alam tungkol doon; tungkol sa pagsisikap na paghaluin ang lahi ng isang malaking puting lalaking kabayo at ng isang itim na babaeng kabayo, at di nila iyon magawa; ninenerbiyos. Sabi lumakad daw ako doon, nagsabi, “Leo,” at sinabi sa kanya kung ano ang ginawa ko. Ayaw kong sabihin iyon dito, kita n’yo, ngunit sinabi ko sa kanya kung ano ang ginawa ko. “Sabi, ‘Hindi mo ba nakikita? Ngayon, ang malaman ito; hindi ko alam na may manugang na lalaki si Ed Dalton, at may aso sa ganitong pangalan ’yung manugang. Malalaman mo, Leo, na nananaginip ka. Subalit, paggising mo, alalahanin mo iyon!’” At sabi, “Hindi pa ako nakarinig ng ganoong pag-utos.”

²⁷⁴ Noong mga oras na iyon, pumasok si Roy Roberson, sabi, “Kapatid na Branham, naaalala mo ba noon bago mo iniwan ang iglesya noong unang beses? Tayo ay . . . nakita kitang nakaupo, gaya sa Palestina. Tayong lahat, ang lupon at lahat, ay nakaupong gaya sa dulang ng hapunan ng Panginoon, at pagkatapos ay nagsalita ka. At ikaw . . . Hindi siya sigurado kung tungkol saan ang sinasabi mo.” Sabi, “Isang puting ulap ang bumaba at kinuha ka, dinala ka palayo.” Ilan ang nakakaalala sa—sa panaginip na iyon ni Kapatid na Roy? At sabi, “Dinala ka palayo ng puting ulap na iyon,” at sabi, “pagkatapos ay wala ka na. Naglakad-lakad ako sa mga kalsada, sumisigaw at umiiyak.”

²⁷⁵ Noong pumunta ako rito, at ang maliit na matandang brasong iyon na napinsala na, tila ba kanyang, binabasa ito. Ibinaba niya 'yung kalaykay at nag-umpisang umiyak noong makita niya akong papunta roon. Hindi ko pa siya nakikita noon kaya sinabi niya sa akin 'yung panaginip. At sabi niya . . . At nagkakalaykay siya noon. Sabi ko . . .

²⁷⁶ “At—at umalis ka.” Sabi, “Naglakad-lakad ako sa kalsada, kung saan-saan, na nagsisikap na hanapin ka. Hindi kita matagpuan, kahit saan. Sumisigaw ako, ‘Oh, Kapatid na Branham, huwag kang umalis!’” Sabi, “Dumating ang isang puting ulap at kinuha ka, at dinala ka palayo sa amin, patungo sa kanluran.” Iyon ay bago pa ang piramide at anuman. Sabi, “Dinala ka papunta sa kanluran. At umiyak ako, at naglakad-lakad ako sa mga kalsada.”

²⁷⁷ Sabi, “Matapos ang ilang saglit ay nagpunta ako at naupo sa mesa. Nagkataong napatingin ako doon sa uluhan ng mesa.” Sabi, “*Ganito* lang kitang nakikita, na kasingputi ng niyebe.” Sabi, “Nakatayo ka roon.” At sabi, “Nagsalita kang may kapangyarihan. Walang kaduda-duda rito.” Sabi, “Naunawaan ng bawat tao nang eksakto kung anong sinabi mo.”

²⁷⁸ Oh, kapatid kong lalaki, kapatid na babae, ngayon, alam ng bawat isa sa inyo, alam ko ang ibig sabihin niyon. Kita n'yo?

²⁷⁹ Magbantay lang! Manatili kayong malapit kay Cristo. Hayaan n'yong magbabala ako sa inyo ngayon, bilang ministro ng Ebanghelyo, nito. Huwag kayong tatanggap ng anumang kahangalan. Huwag kayong maghahaka ng anuman. Manatili kayo mismo rian hanggang sa itong nasa loob nitong pinaka loob ay nakaangkla na sa Salita, na kayo'y na kay Cristo na mismo, dahil 'yan ang nag-iisang bagay na . . . Dahil sa, tayo'y nasa pinakamapanlinlang na kapanahunan na kinabuhayan natin. “Ililigaw nito ang Mga Hinirang kung maaari,” dahil may pahid sila, kaya nilang gawin ang anumang bagay na gaya ng iba sa kanila.

²⁸⁰ Linisin n'yo ang inyong mga buhay. Bayaran ang inyong mga pagkakautang. “Huwag kayong magkautang ng ano pa man sa kanino man,” ang sabi ni Jesus. Ngayon, ngayon, ibig

kong sabihin, gaya ng renta n'yo sa bahay at mga ganung bagay, dapat n'yo gawin iyon. Tanggalin n'yo ang lahat ng mga ganung bagay ninyo sa inyong mga kamay. Itama ang lahat ng bagay. Maghanda na. Maghanda na. Tandaan, sa Pangalan ng Panginoon, may bagay na napipintong mangyari.

²⁸¹ Pupunta ako sa mga burol ngayong linggong ito, hindi naman talaga para mangaso ng mga squirrel; siyempre, gustong-gusto kong mangaso ng mga squirrel. Ngunit pupunta ako doon para sa layuning ito, nagsasabing, "O Diyos, hindi ko alam kung saang direksyon ako kikilos, at ayaw ko itong mapalampas. Tulungan Mo po ako."

²⁸² Ipanalangin n'yo ako. Maaari bang gawin n'yo iyon? Ipanalangin ko kayo. Umaasa ako, sa kahabagan ng Diyos, na makikita ko ang bawat isa sa inyo, at magtatagpo tayo sa isang mas mainam na Lupain kaysa sa isang ito rito.

²⁸³ At ano ang ipinupunta natin dito? Ano'ng ginagawa natin? Nagtutungo ba tayo rito, na naglalaro ng isang laro? Nagtutungo ba tayo rito, na nagkakatipon bilang isang samahan? Ito'y, hindi maaaring pumarito si Cristo hanggang sa ang Iglesya ay maging ganap na matuwid. Hinihintay Niya tayo. Naniniwala akong nasa katapusan na tayo.

²⁸⁴ Tingnan n'yo, sa California. Tingnan n'yo ang mga kaguluhan. Tingnan n'yo ang labingsiyam na taong pinatay, dahil sa lahi. Di ba't sinabi ko na sa inyo, dito hindi pa katagalan, na iyang si Martin Luther King ay aakayin ang kanyang mga kalahi tungo sa isang pagkapuksa? Ilan ang nakakaalala niyon? [Sinasabi ng kongregasyon, "Amen."—Pat.] Hindi 'yung dahil mga itim na tao; iyon ay dahil sa mga tagapanguna na iyon na nag-uudyok sa kanila. Hindi iyon pagsasama-sama, mga pagbubukod-bukod, at ano pa man ang gusto nilang itawag dito; ito ay ang diablo. Tama iyon. Hindi lamang sa mga puti, mga itim; ito ay sa kanilang lahat. Ito'y ang diablo.

²⁸⁵ Ang kakayahang pang-isip at mga pangangatwiran ng tao ay sira na. Wala nang pag-asa pa. Wala na talaga itong pag-asa pa. Ang buong bagay ay isa nang sugat na nabubulok na. Ang naturang kakayahang pang-isip ng tao; hindi na nila kayang magpasya.

²⁸⁶ Hindi ako isang pulitiko. Hindi ako, ni Demokrata o Republikano. Marurumi lahat iyon. Ako'y para sa isang Kaharian, at iyon ay ang Kaharian ni Jesus Cristo. Iyon lang. Ngunit paano nangyari na nakakita kayo ng isang bungkos ng mga tau-tauhan na gaya ng mayroon tayo ngayon diyan sa itaas, gaya ng mga grupo ng mga taga-Texas na mayroon tayo roon? "Aba'y," sinasabi nila, "anuman ang gusto ng mga tao! Kung gusto nila ng komunismo, ibibigay natin sa kanila ang komunismo. Kung gusto nila ang pagsasama-sama, ibibigay natin sa kanila ang ganung pagsasama-sama. Kung gusto

ang pagkakabukod-bukod, ibibigay natin kahit ano.” Ginawa itong . . . Nasaan na ba ang pagpapakalalaki?

²⁸⁷ O Diyos! Kagaya ’yan ng pulpito. Nasaan na ba ang lalaki, lalaki na lalaki, na naninindigan para sa isang prinsipyo? Nasaan na ba ang mga kababaihan na naninindigan para sa isang prinsipyo? Nasaan na ang isang iglesyang naninindigan para sa isang prinsipyo? Wala akong singhalaga ng isang singkong panahon para sa isang walang gulugod, na madaling matangay, na nakikikompromisong espiritu. Ang isang babae na babae, siya’y magpakababae. Kung ang isang lalaki ay lalaki, siya’y magpakalalaki.

²⁸⁸ Kung isa siyang presidente. . . Nasaan na ba ang ating mga John Quincy Adams? Nasaan na ba ang mga Abraham Lincoln natin, mga lalaking may prinsipyo? Nasaan na ba ang Patrick Henry natin, na nagsabi, “Bigyan mo ako ng kalayaan o bigyan mo ako ng kamatayan”?

²⁸⁹ Nasaan na ba ang lalaking naninindigan para sa kung ano ang tama? Nasaan na ba ang lalaking hindi natatakot na magsalita? Kahit pa, ang buong mundo ay laban sa kanya, ay sasalitain pa rin kung ano ang tama; at maninindigan para dito at mamamatay para dito. Nasaan na ba ang ating Arnold von Winkelried muli sa panahong ito? Nasaan na ba ang mga lalaking may integridad? Nasaan na ba ang mga lalaking matatapang? Sila’y labis na walang gulugod at lalamya-lamya hanggang sa hindi na nila alam kung saan sila tumatayo.

²⁹⁰ Diyos, hayaang manindigan ako na may mga prinsipyo ng isang Tao, bilang isang ministro, ang Salita ni Jesus Cristo. “Sapagkat ang langit at lupa ay lilipas, ngunit hindi Ito kailanman mabibigo. Sa ibabaw ng Batong ito ay itatayo Ko ang Aking Iglesya; ang mga pintuan ng hades ay hindi makapananaig laban dito.”

Magsitindig tayo.

Blest be the tie that binds
Our hearts in Christian love;
The fellowship of kindred mind
Is like to that Above.

Ngayon ay hawakan ang kamay ng isa’t isa.


When we asunder part,
It gives us inward pain;
But we shall still be joined in heart,
And hope to meet again.

Till we meet! till we meet!
Till we meet at Jesus’ feet;
Till we meet! till we meet!
God be with you till we meet again!

²⁹¹ Iyukod natin ang ating mga ulo ngayon, sa pagpapauwi sa atin ni Kapatid na Neville, sa isang pananalita ng panalangin.

²⁹² Bumalik kayo mamayang gabi, ha. Inaasahan natin ang isang dakilang gawain mamayang gabi, dito sa tabernakulo. Pagpalain kayo ng Diyos. At ipanalangin n'yo ako; ipapanalangin ko kayo.

²⁹³ Huwag n'yong isiping isa akong panatiko, mga kaibigan. Huwag n'yong isiping ipinipilit kong igiit ang isang bagay sa inyo. Mahal ko kayo. At may prinsipyo ako, iyon ay ang Biblia. Wala ni isa mang Salita ang maaaring alisin mula Rito. Wala ni isa mang salita ang maaaring idagdag Rito. At sinasampalatayanan ko Ito kung paano Ito naisulat.

²⁹⁴ Iyukod na natin ang ating mga ulo ngayon, at ang ating matapat, na mabuting pastor ay pauwiin na ang kongregasyon. Pagpalain kayo ng Diyos, Kapatid na Neville. 

AT HINDI ITO NALALAMAN TAG65-0815
(And Knoweth It Not)

Ang Mensaheng ito ni Kapatid na William Marrion Branham, na orihinal na ipinangaral sa Ingles noong Linggo ng umaga, Agosto 15, 1965, sa Branham Tabernacle sa Jeffersonville, Indiana, U.S.A., ay hinango mula sa magnetikong teyp rekording at inilimbag na walang pagbabago sa Ingles. Itong Tagalog na salin ay inilathala at ipinamamahagi ng Voice of God Recordings.

TAGALOG

©2012 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. Box 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org